

Ang Pampatakarang Gabay sa Pagkilala ng mga Biktima ng Trafficking



Ang Bali Process

ukol sa Pagpapalusot ng mga Tao, Trafficking ng mga Tao
at Kaugnay na Krimeng Transnasyonal

Isang panimulang
gabay para sa mga
tagalikha ng patakaran
at praktisyoner



Ang Bali Process

Ang Bali Process sa Pagpapaluset ng tao, Trafficking ng Tao at Kaugnay na mga Krimeng Transnasyonal (ang Bali Process) ay itinatag noong 2002 at ito ay isang boluntaryo at walang pag-iiral na proseso ng konsultasyon na kapwa pinapanguluhan ng Australia at Indonesia at may mahigit 45 miyembrong bansa at organisasyon.

Dapat iharap ang anumang mga tanong tungkol sa pam-patakarang gabay na ito sa
Regional Support Office (RSO) to the Bali
Process sa:

Email: **info@rso.baliprocess.net**

RSOwebsite:

<http://www.baliprocess.net/regional-support-office>

Nilathala Mayo 2015.

Pagpapasalamat

Ang pampatakarang gabay na ito ay isinagawa ng mga miyembro ng Bali Process, sinuportahan ng Regional Support Office at pinamunuan ng Bali Process Policy Guides Drafting Committee, na binubuo ng mga sumusunod na miyembro:



Lalu Muhamad Iqbal,

Gumaganap na Direktor para sa Proteksiyon ng mga Mamamayang Indonesyan at Pambatas na Lupon, Ministro ng Ugnayang Panlabas, Indonesia (Ka-Pangulo)



Jonathan Martens,

Puno ng Yunit na Pantulong sa Mandarayuhan, Tanggapang Pangrehiyon para sa Asia at Pacific, Internasyonal na Organisasyon para sa Pandarayuhan (Ka-Pangulo)



Megan Chalmers,

Nakatataas na Pambatas na Opisyal, Seksyon para sa mga Krimen Laban sa Tao, Departamento ng Attorney General, Australia



Mohamed Shifan,

Pangalawang Punong Opisyal ng Imigrasyon, Departamento ng Imigrasyon at Emigrasyon, Maldives



Robert Larga,

Direktor para sa Paglilisensiya at Regulasyon, Pangasiwaan ng Pilipinas ukol sa Pagtatrabaho sa Ibang Bansa, Pilipinas



Pinthip Leelakriangsak Srisanit,

Pambayang Piskal, Departamento ng Ugnayang Internasyonal, Tanggapan ng Attorney General, Thailand



Dagdag na suporta sa Drafting Committee mula kay:

Tim Howe,

IOM Koordineytor ng Proyekto, Tanggapan ng Panrehiyong Suporta



Ang Bali Process

Pambungad

Mula nang itatag ito noong 2002, ang Bali Process ukol sa Pagpapalusot ng mga Tao, Trafficking (Pagtatrapik) ng mga Tao at Kaugnay na Krimeng Transnasyonal (Bali Process) ay maepektong nagpalaki ng kamalayan sa rehiyon ng mga kalalabasan ng paglulusot ng mga tao, trafficking ng mga tao at mga kaugnay na krimeng transnasyonal, at bilang tugon ay nakabuo at nagsagawa rin ng mgaistratehiya at praktikal na pakikipagtulungan. May 48 miyembrong bansa at mga internasyonal na organisasyon, pati ilang bansang nagmamasid at mga ahensiyang internasyonal, ang sumasali sa boluntaryong forum na ito.

Ang mga Nakakataas na Opisyal sa ikawalong Ad Hoc Group Meeting ng Bali Process, ay nagrekomenda na isang grupo ng mga pampatakarang gabay (policy guides) ukol sa mga isyu ng pagkilala at proteksiyon ng mga naitrapik na mga tao ang gagawin ng Bali Process Regional Support Office (RSO) nang may konsultasyon sa mga stakeholder (interesadong partido). Dagdag pa sa direksiyong ito, ang RSO ay nagtatag ng isang Drafting Committee (Komiteng magsusulat ng Burador) na kapwa pinanguluhan ng Pamahalaan ng Republika ng Indonesia at ng International Organization for Migration (IOM) upang gumawa ng burador ng mga pampatakarang gabay. Ang Drafting Committee na ito ay binuo ng mga eksperto mula sa mga Pamahalaan ng Indonesia, Australia, Maldives, Pilipinas, Thailand at ng IOM.

Ang Committee ay nagmiting nang apat na beses, sa isang anim na buwang panahon, na ang layunin ay makagawa ng maikling panimulang gabay para sa mga tagalikha ng patakaran at praktisyoner tungkol sa mga isyung kaugnay sa pagkilala at proteksiyon ng mga biktima ng trafficking. Ang burador na bersyon ng mga gabay ay ipinamudmod sa mga miyembro at tagamasid ng Bali Process para sa kanilang mga pasulat na puna at tinalakay at nirebyu sa isang buong Bali Process Consultation Workshop na ginanap noong ika-23-24 ng Marso, 2015, sa Bangkok, Thailand. Ang mga dumalo ay nagkasundo na ang mga pampatakarang gabay ay makakatulong sa mga tagalikha ng patakaran at praktisyoner sa pagkilala at pagprotekta sa mga biktima ng trafficking. Bilang tugon sa mga puna na natanggap mula sa mga miyembro, binago ng Drafting Committee ang mga burador at isinali ang mga pangunahing pagbabago at rekomendasyon.

Ang mga pampatakarang gabay ay naglalayong magbigay ng pangkalahatang kaalaman sa mga pangrehiyon at pangmundong pamantayan para sa pagkilala at proteksiyon ng mga biktima ng trafficking, masaklaw na kumuha mula sa mga halimbawa ng mabuting pamamalakad mula sa mga miyembrong bansa ng Bali Process. Kaalinsunod sa mga rekomendasyon ng Fifth Ministerial Conference noong Abril 2013, ang mga pampatakarang gabay na ito ay ang pangalawang grupo ng mga Patakarang Gabay ng Bali Process na nakaugnay sa mga temang paksa ng Bali Process at sa mga isyung partikular na ikinababahala ng mga miyembro ng Bali Process. Ang mga ito ay boluntaryo, walang pag-iiral at nilalayan upang gamitin bilang reperensiya ng ibat ibang pambansang ahensiya sa mga Estado ng mga Miyembro ng Bali Process.



Lisa Crawford
RSO Co-Manager (Australia)



Bebek A.K.N. Djundjuran
RSO Co-Manager (Indonesia)



Mga Acronym at Daglat

ASEAN	Association of Southeast Asian Nations (<i>Samahan ng mga Bansa sa Timog-Silangang Asya</i>)
Bali Process	Bali Process on People Smuggling, Trafficking in Persons and Related Transnational Crime (<i>Ang Bali Process ukol sa Pagpapalusot ng mga Tao, Trafficking ng mga Tao at Kaugnay na Krimeng Transnasyonal</i>)
ILO	International Labour Organization (<i>Samahang Internasyonal para sa Pagtatrabaho</i>)
IOM	International Organization for Migration (<i>Samahang Internasyonal para sa Pandarayuhan</i>)
NGO	Non-governmental organization (<i>Hindi Pampamahalaang Organisasyon</i>)
Organized Crime Convention	United Nations Convention against Transnational Organized Crime (<i>Kapulungan ng mga Bansang Nagkakaisa laban sa mga Organisadong Krimeng Transnasyonal</i>)
RSO	Regional Support Office of the Bali Process (<i>Tanggapan ng Pangrehiyong Suporta sa Bali Process</i>)
Trafficking in Persons Protocol	Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons, Especially Women and Children, supplementing the United Nations Convention against Transnational Organized Crime (<i>Protocol sa Paghadlang, Pagsugpo at Pagparusa sa Trafficking ng mga Tao, Lalo na ng Kababaihan at mga Bata, Dagdag sa Kapulungan ng mga Bansang Nagkakaisa laban sa Organisadong Krimeng Transnasyonal</i>)
UN	United Nations (<i>Mga Bansang Nagkakaisa</i>)
UNODC	United Nations Office on Drugs and Crime (<i>Tanggapan ng mga Bansang Nagkakaisa ukol sa Droga at Krimen</i>)

Mga Nilalaman

Pangkalahatang Buod	2
Seksyon 1: Panimula sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking	3
1.1. Sino ang isang biktima ng trafficking?	3
1.2. Kahulugan ng trafficking ng mga tao	6
1.3. Pag-unawa sa mga uri ng pagsasamantala	8
Seksyon 2: Mga obligasyon, malasakit, at paghahamon	12
2.1. Bakit mahalaga ang pagkilala	12
2.2. Pag-unawa kung bakit atubiling magpakilala ang mga biktima ng trafficking	14
Seksyon 3: Proseso ng pagkilala ng biktima	16
3.1. Sino ang makakakilala sa mga biktima ng trafficking?	16
3.2. Mga batayang proseso	18
3.3. Mga palatandaan ng trafficking	21
Seksyon 4: Buod ng mga tip sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking	28



Pangkalahatang Buod

Ang isang biktima ng trafficking ay isang tao na dumanas ng krimeng ‘trafficking ng mga tao’ na ipinaliwanag sa *Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons, Especially Women and Children* (Protocol sa Paghadlang, Pagsugpo at Pagparusa sa Trafficking ng mga Tao, Lalo na ng Kababaihan at mga Bata). Ang kabiguan sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking ay humahantong sa patuloy na pagsasamantala sa kanila at ang kawalan nila ng kakayahang makaabot sa tulong at proteksiyon na karapatan nila. Maaari din itong humantong sa hindi pagkalipon ng impormasyon at kinakailangang ebidensiya ng mga may-kapangyarihan upang maiharap sa katarungan ang mga trafficker (nagtatrapik). Kaya, ang pagkilala ay isang mahalagang bahagi ng proseso upang mahadlangan at mausig ang malubhang krimeng ito, at matulungan at maprotektahan ang mga biktima nito.

Ang mga praktisyoner ay mas malamang makakilala ng mga biktima ng trafficking kapag nauunawaan nila kung paano ipinapaliwanag sa batas ang trafficking, ang ibat ibang uri ng pagsasamantala na maaaring maranasan ng mga biktima. Kaya, ang Pampatakarang Gabay na ito ay nag-aalay ng isang pangkalahatang kaalaman sa trafficking ng tao at ang ibat ibang uri nito. Para sa mga layunin ng Gabay na ito, ang ‘pagkilala’ ng mga biktima ng trafficking ay nauunawan sa isang malawak na opinyon. Ito ay sumasaklaw sa proseso ng **panimulang pag-iskrin** sa oras ng unang pagkontak at ang panimulang pagtulong at proteksiyong ibibigay sa sandaling ang isang tao ay inakalang isang biktima. Kasangkot din dito ang **pagpapatunay** ng estado ng isang tao bilang isang biktima sa pamamagitan ng higit pang ebidensiya at, sa ilang kaso, **opisyal** na pagpapatotoo na ang isang tao ay biktima pagkatapos ng pangkrimeng proseso.

Ang pagkilala ng isang biktima ng trafficking ay likas na mahirap, at kaya hinihimok ng Gabay ang mga Estado na mag-ukol ng isang **mababang pamantayan** kapag nagtatangkang kilalanin ang isang tao bilang isang biktima. Ito ay lalong makakatulong sa oras ng unang pagkontak, bago magkaroon ang mga may-kapangyarihan ng sapat na oras upang mapagtiwalaan ng hinihinalang tao. Sa sandaling akalaing isang biktima ang tao, dapat silang bigyan ng angkop na tulong at proteksiyon. Kung sa kalaunan, ang pag-aakala ay mapatunayang walang batayan, ang tulong at proteksiyon ay maiaakma ayon sa pangangailangan o aalisin.

Ang proseso ng pagkilala ay matutulungan sa pamamagitan ng paggamit ng **‘mga palatandaan’ ng trafficking** bilang unang hakbang sa karagdagang imbestigasyon. Ang Gabay ay nagmumungkahi ng isang listahan ng mga halimbawa ng palatandaan, kabilang ang mga kaugnay sa ibat ibang uri ng trafficking, na makakatulong sa mga praktisyoner pati na sa mga hindi eksperto sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking. Ang mga Estado ay hinimok na magsapanahon, bumagay at timbangin ang mga palatandaang ito upang magbigay sa mga stakeholder, kabilang ang mga hindi eksperto, ng gabay na kailangan sa mga sitwasyong maaari nilang matagpuan.

Bagaman ang mga Estado ang may pangunahing responsabilidad sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking, **ang mga organisasyong panlipunan at hindi pampamahalaan** ay napakahalaga sa proseso ng pagkilala, at dapat suportahan sa mahalagang papel na kanilang ginagampanan sa paglikha ng pagtiwala at magkasundong relasyon ng mga biktima at ng mga may-kapangyarihan. Ang mga nangungunang awtoridad ng Estado, kabilang ang mga opisyal na nagpapatupad ng batas, hangganan, imigrasyon, pagkontrol sa mga manggagawa, at mga serbisyong panlipunan, ay dapat sanayin nang angkop at bigyan ng mga kasanayang pang-espesyalista na kailangan sa pagkilala ng mga inaakalang biktima sa isang pamamaraang nagsasaalang-alang ng kanilang personal na mga katangian at igagalang din ang kanilang pagiging pribado. Ang mga miyembro ng komunidad ay dapat ding magkaroon ng kamalayan tungkol sa di-pangkaraniwang bagay na ito at malaman kung paano kikilalanin at magsasangguni ng mga inaakalang biktima sa mga angkop na awtoridad.

Seksyon 1:

Panimula sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking

1.1. Sino ang biktima ng trafficking?

Ang trafficking ng mga tao ay isang labag sa batas na gawain na may ibat ibang anyo, at nagpapakita ng ibat ibang katangian sa ibat ibang rehiyon. Ang kalalakihan, kababaihan at mga bata ay pinagsasamantalahan sa maraming industriya kabilang ang agrikultura, konstruksiyon, pangangalaga at mabuting pakikitungo, gawaing-domestiko, panlibangan at isports, panggugubat, minahan at textiles (pantela). Ang mga tao ay maaaring mapagsamantalahan kapag sila ay tumatawid sa mga internasyonal na hangganan o sa loob ng sarili nilang mga komunidad. Bagamat maraming dahilan sa pagiging marupok ng tao laban sa trafficking ng mga tao, kabilang sa mga grupong mas higit na nasa panganib ay ang mga mandarayuhang hindi nakadokumento, mga minoryang taong-etniko, at mga batang walang kasama. Ang mga dahilang tulad ng kahirapan, kawalan ng trabaho, hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian, kakulangan ng pagkakataong makapag-aral at ng mga pagkukunan, at ang kawalan ng may-sistemang pagrerehistro ng panganganak ay mga dahilan din na maaaring magpalaki ng pagiging marupok laban sa trafficking ng mga tao.

Sinuman ay maaaring maging isang biktima, anuman ang kanilang edad, kasarian, oryentasyong sekswal, nasyonalidad, pinagmulang lahi o lipunan, kapinsalaan, o mga pangyayari. Ang isang biktima ng trafficking ay, simple lang, isang taong naging biktima ng krimeng trafficking ng mga tao. Sa nasa ibaba sa Seksyon 1.2, ang Protocol sa Paghadlang, Pagsugpo at Pagparusa ng Trafficking ng mga Tao, Lalo na ng Kababaihan at mga Bata (Trafficking in Persons Protocol) ay nagbibigay ng internasyonal na paliwanag sa krimeng 'trafficking ng mga tao'.

Sa totoo, hindi laging madali ang pagkilala kung sino ang isang biktima ng ganitong krimen. Kabilang sa mga hadlang ang mga paghamong pangkomunikasyon kaugnay sa wika o kultura, at ang pag-aatubili ng mga biktimgang makipag-usap sa mga may-kapangyarihan dahil sa hindi pagtitiwala, lalo na sa oras ng unang pagkontak. Depende sa kanilang mga karanasan, maaaring hindi ituring ng mga tao na sila ay naitrapik o napagsamantalahan. Ang ilan ay maniniwala na sumang-ayon sila sa kanilang sitwasyon kahit na ginamitan ng pamimilit, pagbabanta o panlilinlang ang pagkuha ng kanilang ipinapalagay na pagsang-ayon. Dahil dito at sa iba pang dahilan, maraming biktima ang hindi kailanman makikilala.

Tip: Magpasok ng pag-aakalang pabor sa pagtrato ng mga inaakalang biktima ng trafficking bilang mga biktima

Ang mga patakaran ng Estado sa pagkilala ng biktima ay dapat magpahintulot sa awtoridad na naghihinalang ang isang tao ay biktima ng trafficking na kumilos ayon sa pag-aakalang iyon sa pamamagitan ng pagtrato sa tao na tila siya ay isang biktima upang makapagbigay ng panimulang tulong at proteksiyon.

Mabuting pamamalakad na akalaing ang isang tao ay biktima ng trafficking kung may anumang hinala na siya ay baka nasa ganoong sitwasyon. Ang ganoong pag-aakala ay nangangahulugan na kapag may anumang hinala na ang isang tao ay baka biktima ng trafficking, tatratin siya ng awtoridad bilang isang taong nangangailangan ng tulong at proteksiyon. Kung malalaman sa kalaunan na ang tao ay hindi biktima ng trafficking at hindi nangangailangan ng tulong o proteksiyon, aalisin ang suporta sa oras na iyon. Ang isang taong nagpapakita ng palatandaan ng trafficking ay maaaring biktima rin ng ibang uri ng krimen, tulad ng pag-atake ng pisikal o sekswal, o pagkidnap. Kung malalaman na ang tao ay hindi biktima ng trafficking, ngunit biktima ng ibang krimen, siya ay maililipat sa higit na angkop na serbisyong pangsuporta. Ang mga biktima ng trafficking ay maaaring nasa labas ng sarili nilang bansa at may matibay na pundasyon ng pagkatakot na mausig sa sariling bansa dahil sa lahi, relihiyon, nasyonalidad, pagiging miyembro ng isang tanging grupong pangsosyal, o opinyong pulitika. Sa ganitong mga kaso, kailangan silang isangguni sa mga proseso ng paghiling ng asylum.

1 Sa kabuuan ng dokumentong ito, ang salitang "human trafficking" ay ginagamit upang tukuyin ang "trafficking ng mga tao" na ipinaliwanag sa Artikulo 3 ng Protocol sa Paghadlang, Pagsugpo at Pagparusa ng Trafficking ng mga Tao, Lalo na ng mga Kababaihan at mga Bata (Trafficking in Persons Protocol).

Tip: Palakihin ang kaalaman tungkol sa mga krimeng kaugnay sa trafficking ng mga tao

Ang mga taong hindi itinuturing na biktima ng trafficking ay maaaring biktima ng iba pang krimen at nangangailangan ng tulong at proteksiyon. Ang mga praktisyoner na may responsabilidad sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking ay dapat bigyan ng kaalaman sa mga uri ng kaugnay na krimen at makatugon ayon sa mga ito.

Ang mga taong nakaranas ng trafficking ay biktima ng krimen at dapat tratuhin nang ganoon ng mga Estado at maprotektahan nang alinsunod dito. Dagdag pa sa pagiging biktima ng krimen, ang mga biktima ng trafficking ay maaari ding nakaranas ng pang-aabuso ng kanilang mga karapatang pantao, at ibang pinsala, kabilang ang pinsalang pisikal at pangkaisipan, pagdurusang pandamdamin, nahiwatigang pagkahiya o batik sa pangalan, at kawalang pang-ekonomiko.

Ang isang tao ay dapat ding ituring na biktima, na walang kinalaman kung ang trafficker ay nakilala, naaresto, nasakdal o nahatulan, at maging anuman ang relasyong pampamilya ng biktima at ng sinasabing trafficker.

Table 1: Alamat at katotohanan sa pagkilala ng biktima²

ALAMAT	KATOTOHANAN	Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang:
Kailangang tumawid ng internasyonal na hangganan ang mga tao upang maituring na biktima ng trafficking	Bagamat maraming tao ang itinatrapik patawid sa mga internasyonal na hangganan, ang trafficking ng mga tao ay nangyayari din sa loob ng hangganan ng isang bansa, isang di-pangkaraniwang bagay na tinatawag na panloob (o domestikong) na trafficking.	1.2 Kahulugan ng trafficking ng mga tao
Mga kababaihan at bata lamang ang nagiging biktima ng trafficking	Maraming pagsasaliksik at balita sa media tungkol sa trafficking ang nakapokus sa trafficking ng kababaihan at mga bata. Gayunman, naitatrapik din ang kalalakiang, lalo na sa sapilitang paggawa.	1.2 Kahulugan ng trafficking ng mga tao 1.3 Pag-unawa sa mga uri ng pagsasamantala
Lahat ng biktima ng trafficking ay para sa pagsasamantalang sekswal	Bagamat malaking bahagi ng pagtatrapik ang para sa pagsasamantalang sekswal, ang mga tao ay itinatrapik para sa sapilitang paggawa, pang-aalipin, pagkaalipin, pagtatanggal ng mahahalagang bahagi ng katawan, at iba pang uri ng pagsasamantala.	1.3 Pag-unawa sa mga uri ng pagsasamantala

² Ang karagdagang impormasyon na nauugnay sa mga bagay na nasa table na ito ay nasa mga sumusunod na lathalain: Global Report on Trafficking in Persons, UNODC, 2014; ILO Global Estimate of Forced Labour 2012: Results and Methodology, ILO, 2012; Trafficking in Persons Report 2014, United States Government, Department of State, Office to Monitor and Combat Trafficking in Persons, 2014.

Lahat ng taong nagtatrabaho sa sex industry ay biktima ng trafficking	Bagamat ang trafficking para sa pagsasamantalang sekswal ay isa sa pinakakaraniwan at nakikitang uri ng trafficking ng mga tao, ang mga taong nagtatrabaho sa sex industry ay hindi kinakailangang naitrapik. Ang mga ipinagbabawal na pamamaraan, tulad ng pamimilit, pagbabanta o panlilinlang ay dapat ginamit (sa biktima nasa edad na) upang magpakita na ang isang tao ay naitrapik para sa layong pagsasamantalang sekswal.	1.3 Pag-unawa sa mga uri ng pagsasamantala 3.3. Mga palatandaan ng trafficking ng mga tao
Lahat ng mga mandarayuhang hindi nakadokumento ay biktima ng trafficking. Ang mga mandarayuhang nasa maayos na sitwasyon ay hindi maituturing na biktima ng trafficking.	Bagamat ang mga biktima ay maipapasok nang labag sa batas sa bansa kung saan sila mapagsasamantalahan, hindi lahat ng taong pumasok nang labag sa batas ay napagsasamantala-han. Dagdag pa, ang mga taong naglakbay sa isang bansa, o nanatili doon sa pamamagitan ng maayos na pamamaraan ay maaari ding biktima ng trafficking.	1.2. Kahulugan ng trafficking ng mga tao 2.2 Pagtanggap at pagtalakay sa mga paghamon sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking 3.3. Mga palatandaan ng trafficking ng mga tao
Ang mga taong nakakaalam o tila sumang-ayon sa kanilang sitwasyon ay hindi maituturing na biktima ng trafficking	Ang pagsang-ayon ng bata ay laging walang kaugnayan, at ang pagsang-ayon ng isang taong nasa edad na ay walang kaugnayan kung ang mga ipinagbabawal na pamamaraan tulad ng pamimilit, pagbabanta o panlilinlang ay ginamit upang makuha ang kanyang pagsunod.	1.2. Kahulugan ng trafficking ng mga tao 3.3. Mga palatandaan ng trafficking ng mga tao
Ang mga taong may kaugnayan, o may relasyon, sa kanilang trafficker ay hindi maituturing na biktima ng trafficking	Kadalasan, ang mga biktima ay inaakit o inihahanda tungo sa isang sitwasyong trafficking ng isang kaibigan o kamag-anak. Ang pagkakasal at iba pang relasyong matatalik ay paraan din kung paano kinontrol ng mga trafficker ang kanilang mga biktima. Ang mapang-alipin o sapilitang pagkakasal ay maaari ding tawaging 'mga gawaing katulad ng pang-aalipin'. ³	3.3. Mga palatandaan ng trafficking ng mga tao
Ang taong naniniwala na ang kanilang buhay ay mas madali o nasa mas mabuting pampinansiyal na katayuan kaysa dati ay hindi maituturing na biktima ng trafficking.	Ang isang tao ay maaaring biktima ng trafficking kahit na mas malaki ang kanilang kinikita at/o mayroon silang mas komportableng pamumuhay kaysa noong bago sila naitrapik. Ang pagsasamantala ay dapat tasahin nang batay sa katotohanan.	2.2. Pagtanggap at pagtalakay sa mga paghamon sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking 3.3. Mga palatandaan ng trafficking ng mga tao

³ Ang tawag na 'pamamaraang katulad ng pang-aalipin' ay ipinaliwanag sa 1956 Supplementary Convention on the Abolition of Slavery, the Slave Trade, and Institutions and Practices Similar to Slavery (Suplementong Kapulungan), na tinalakay sa seksyon 1.3.


1.2. Ang kahulugan ng trafficking ng mga tao

Isa sa mga inilahad na layunin ng Trafficking Persons Protocol ay ang pangalagaan at tulungan ang mga biktima ng trafficking, na may lubusang paggalang para sa kanilang mga karapatang pantao.⁴ Ang layuning ito ay lumilikha ng isang ipinahihiwatig na pangangailangan para sa mga Estado na kilalanin ang mga biktima ng trafficking na maaaring nangangailangan ng tulong at proteksiyon. Ang pagkilala kung sino ang biktima ng trafficking ay mangangailangan sa mga awtoridad ng Estado na maunawaan ang kahulugan ng trafficking ng mga tao batay sa isang pambatas na kahulugan ng krimen. Sa batas na internasyonal, ang kahulugan ng krimen ay matatagpuan sa Artikulo 3(a) ng Trafficking in Persons Protocol.

“Ang Trafficking ng mga Tao” ay mangangahulugan ng pangangalap, paghahatid, paglilipat, pagtatago o pagtanggap ng mga tao, sa pamamagitan ng pagbabanta o paggamit ng puwersa o iba pang uri ng pamimilit, pagkidnap, pandaraya, panlilinlang, pag-abuso ng kapangyarihan o ng katayuang marupok o ng pagbibigay o pagtanggap ng mga kabayaran o pakinabang upang makamit ang pagsang-ayon ng isang tao na makontrol ang isang tao, para sa layuning pagsasamantala. Nararapat ibilang sa pagsasamantala, minimo man lamang, ang pagsasamantala sa pagpoprostitusyon ng iba o iba pang uri ng pagsasamantalang sekswal, sapilitang paggawa o pagseserbisyo, pang-aalipin o mga gawaing katulad ng pang-aalipin, pagkaalipin o ang pagtatanggal ng mahahalagang bahagi ng katawan.

Ang Figure 1 sa ibaba ay naglalarawan ng tatlong elemento na dapat matagpuan sa krimeng trafficking ng mga taong nasa edad na. Alinmang elemento mula sa bawat pababang-hanay ay kailangan upang mapatunayan ang trafficking.

Figure 1: Mga pangunahing elemento ng internasyonal na pambatas na kahulugan ng trafficking ng mga tao:⁵



4 Tingnan ang Artikulo 2(b) ng Article 2(b) ng Trafficking in Persons Protocol.

5 Pinagkunan: Policy Guide on Criminalizing Trafficking in Persons, Bali Process, 2014, p.5.

Ang Artikulo 3(b) ng Protocol ay nagsasaad na ang pagsang-ayon ng biktima ay mawawalan ng saysay kapag ang alinman sa mga itinakdang pamamaraan ay ginamit. Ang Artikulo 3(c) at (d) ay nagsasaad na ang mga itinakdang pamamaraan ay hindi kakailanganing patunayan kapag ang *biktima ay isang bata* na wala pang 18 taong gulang.⁶

Ang Protocol ay hindi ang kauna-unahang instrumentong internasyonal na tumalakay sa problema ng trafficking ng mga tao, ngunit nagbigay ito ng pinakakumpletong kahulugan hanggang sa panahong ito, at ito ang pangunahing instrumentong internasyonal na pinagtitiwalaan ng mga Partidong pang-Estado na magbigay-kahulugan sa krimen sa pambansang batas. Ang kahulugan sa Artikulo 3 ay tumulong maglagay ng pamantayan sa pag-unawa na ang kalalakihan at mga batang lalaki ay maaari ding maging biktima ng trafficking ng mga tao, at hindi lang kabilang sa ‘pagsasamantala’ ang pagsasamantalang sekswal kung hindi pati rin ang ibang uri ng pagsasamantala.⁷ Ang listahan ng mga uri ng pagsasamantala ay nakasaad sa kahulugan na kabilang ang ‘sapilitang paggawa o pagseserbisyo’ at ‘pang-aalipin o mga gawaing katulad ng pang-aalipin’, na ipinaliwanag sa ibang bahagi ng internasyonal na batas, pati na ang ‘pagkaalipin’ at ‘pagtatanggal ng mahahalagang bahagi ng katawan’. Habang nagtatakda ang listahang ito ng pinakakaunting pamantayan ng mga uri ng gawain na dapat ituring na mapagsamantala, ito ay hindi pa lubusang masaklaw, na nagbibigay ng pagkakataon para maibagay ang kahulugan sa mga bagong uri ng pagsasamantala.

May ibat ibang paraan ng pagbibigay-kahulugan sa internasyonal na pagpapaliwanag ng trafficking ng mga tao. Ang ilang paraan ay nagtuturing sa trafficking ng mga tao bilang proseso kung saan ang biktima ay naihatid tungo sa pagsasamantala (“pangangalap, paghahatid, paglilipat, pagtatago, o pagtanggap”), na nakahiwalay ang mismong pagsasamantala, habang ang pag-unawa ng iba sa krimen ay bilang sumasaklaw sa kapwa proseso at ang panghuling resulta (“pagsasamantala”). Halimbawa, ang isang istriktong pagbibigay-kahulugan sa salitang-gamit sa kahulugan ay nagmumungkahi na ang pagkilos ay hindi nagpapahiwatig ng trafficking, ngunit kung walang pahiwatig ng pagkilos sa trafficking, nagiging mahirap makita ang kaibahan ng trafficking ng mga tao mula sa ibang nabanggit na mga uri ng pagsasamantala, tulad ng sapilitang paggawa, na ipinaliwanag sa ibang bahagi ng internasyonal na batas. Dagdag pa, ang mga uri ng pagsasamantala na malinaw na nabihag sa pambansang batas ay nagkakaiba-iba sa mga Estado.

Mayroong legal na pagkakaiba sa trafficking ng mga tao at ng pagpapalusot ng mandarayuhan sa batas na internasyonal.⁸ Sa totoo, lalo na sa trafficking ng mga tao na nangyayari sa pagitan ng mga bansa, maaaring maging mahirap makita ang kaibahan ng isang biktima ng trafficking mula sa isang mandarayuhang palulusutin, lalo pa sa dahilang ang isang tao ay maaaring maging kapwa isang pinalusot na mandarayuhan at isang biktima ng trafficking.⁹ Ang pinalusot na mandarayuhan ay higit na nanganganib maging biktima ng trafficking o ng iba pang uri ng pagsasamantala sa panahon ng kanilang paglalakbay o sa sandaling dumating sila sa destinasyong bansa. Maaaring gawin ng mga lumabag sa batas ang kapwa krimen sa isang operasyon, pagpapalusot ng ilang miyembro ng grupo habang nagtatrapik ng iba.

Bagamat ang mandarayuhang pinalusot ay boluntaryong pumasok sa mga kasunduan sa mga nagpapalusot ng mandarayuhan, sila ay lubhang nanganganib na maging biktima ng trafficking, pagsasamantala at iba pang krimen (kabilang ang panginigil, pang-aabuso, pag-atake sekswal, paggahasa o labis na pagpapahirap). Ang mga pangyayari sa isang lakbay-pagpapalusot ay maaaring ganoon na lamang, na ang opsiyong una nilang pinili para sa pagpapalusot sa kanila ay nawawalan na nang kahulugan.¹⁰

Tip: Kilalanin ang mga inaakalang biktima ng trafficking sa mga grupong may-karupukan

Bago pa humantong sa bahaging pagsasamantala, ang mga biktima ng trafficking ay napakahirap kilalanin. Dapat tiyakin ng mga Estado na kabilang sa kanilang mga patakaran ang mga panghadlang na susuporta sa mga awtoridad na kumilala ng mga inaakalang biktima, kabilang ang mga mandarayuhang pinalusot.

6 Tingnan din ang Policy Guide on Criminalizing Trafficking in Persons, Bali Process, 2014, pp.4-5.

7 Habang ang mga internasyonal na kasunduan noong 1904, 1910, at 1933 ay nagpokus sa gawaing pagtatawid ng kababaihan at mga bata sa mga internasyonal na hangganan sa layuning paglalagay sa kanila sa prostitusyon, at ang 1949 na Kapulungan para sa Pagsugpo ng Trafficking ng mga Tao at ng Pagsasamantala sa Pagpoprostitusyon ng Iba ay nagpalawak nito nang higit pa sa kababaihan at mga bata upang isali ang ‘sinuman’, ang Palermo Protocol ang unang internasyonal na instrumento na nagpokus sa trafficking upang isali ang mga uri ng pagsasamantala na hindi lamang kaugnay ng pagsasamantalang sekswal.

8 Ang pagpapalusot ng mga mandarayuhan ay nangangahulugan na paggawa ng paraan, upang makatamo ng “isang benepisyonang pinansiyal o materyal, sa labag sa batas na pagpasok ng isang tao sa estado kung saan ang tao ay hindi isang mamamayan o permanenteng residente” alinsunod sa Artikulo 3 ng Protocol laban sa Pagpapalusot ng mga Mandarayuhan sa pamamagitan ng Lupa, Dagat at Himpapawid, suplemento sa Kapulungan ng mga Bansa Nagkakaisa laban sa mga organisadong Krimeng Transnasyonal.

9 Para sa higit pang madetalyeng talakayan tungkol sa legal na pagkakaiba ng trafficking ng mga tao at pagpapalusot ng mandarayuhan, tingnan ang Policy Guide on Criminalizing Trafficking in Persons, Bali Process, 2014, pp.8-9 at Policy Guide on Criminalizing Migrant Smuggling, Bali Process, 2014, pp.9-10.

Halimbawa, ang di-tiyak na sariling sitwasyon na natatagpuan ng mga mandarayuhan sa kanilang paglalakbay, ay magtutulak sa kanila na umasa sa kanilang smuggler at wala silang opsiyon kung hindi ang magpatuloy ng kanilang paglalakbay, maging anuman ang kondisyong kanilang titiisin. Batay sa kung kailan matutuklasan ang mga sitwasyon, ang mga tao ay maaaring ituring na mandarayuhang pinalusot kaysa mga biktima ng trafficking. Kailangan ang isang layuning mapagsamantala ay upang mapatunayan ang krimeng trafficking, ngunit malamang na matutuklasan lamang ito sa sandaling nangyari na ang pagsasamantala. Dapat maghanap ang mga may-kapangyarihan ng mga palatandaan ng trafficking sa mga mandarayuhang pinalusot upang tiyaking makikilala ang mga biktima ng trafficking.

1.3. Pag-unawa sa mga uri ng pagsasamantala

Ang karamihan ng mga biktima ng trafficking ay nakikilala sa sandaling sila ay napagsamantalahan, kaya mahalagang unawain ang pagsasamantala sa ibat ibang anyo nito, at ang kahulugan nito sa ilalim ng internasyonal na batas. Ang ebidensiya ng pagsasamantala ay lalong makakatulong sa pagsuporta ng isang inaakalang trafficking.

Sa maraming bansa, malaking pansin ang naibigay sa trafficking na naglalayon ng pagsasamantalang sekswal. Ang pagsasamantalang sekswal, lalo na ng kababaihan at mga bata, ay isang mahalagang problema sa buong mundo, ngunit mahalaga na maunawaan ang iba pang uri ng pagsasamantala.

Sapilitang paggawa o pagseserbisyo

Ayon sa 1930 International Labour Organization (ILO) Forced Labour Convention, ang ‘sapilitang paggawa o pagseserbisyo’ ay *“lahat ng trabaho o serbisyo na kinuha mula sa sinumang tao sa ilalim ng bantang parusa at kung saan ang nasabing tao ay hindi nagboluntaryo ng kanyang sarili”*.¹¹ ‘Ang ‘banta’ ay binigyang-kahulugan na kabilang ang pamimilit na pisikal at pangkaisipan ng pinagtatrabahuhan,¹² gaya ng hindi pagbibigay ng oportunidad sa manggagawa na makakuha ng promosyon, paglipat, bagong trabaho o pabahay.¹³ Ang ‘hindi pagkukusa’ ay mahalaga rin sa pagkilala ng sapilitang paggawa. Ang paggawa ay sapilitan maliban kung ang manggagawa ay malayang nagbigay ng kanyang pagsang-ayon at maaaring magkansela nito.

Ang Child Labour laban sa Child Work

Ang 1973 na Kapulungan ng ILO tungkol sa Pinakamababang Edad para Tanggapin sa Trabaho ay naglalarawan ng child labour na anumang trabaho o serbisyo na isasagawa ng isang taong wala pang 18 taong gulang na mapanganib sa kanyang kalusugan at kaligtasan, o humahadlang sa kanyang edukasyon, o bokasyonal na oryentasyon at pagsasanay. Ang child labour ay kakaiba sa child work na hindi nagkokompromiso sa kalusugan o kaligtasan ng mga bata, o sa oportunidad nila sa pag-aaral.

10 Ang Protocol against the Smuggling of Migrants by Land, Sea and Air (Smuggling of Migrants Protocol) kabilang dito ang sapilitang pagtatadhana ng proteksiyon gaya ng nakatakdang sa Trafficking in Persons Protocol.

11 Ang kahulugan ng sapilitang paggawa na mula sa International Labour Organization (ILO) ay muling pinagtibay noong 2014 sa pagpapatibay ng isang Protocol to the Forced Labour Convention. International Labour Conference, Text of the Protocol to the Forced Labour Convention, 1930, Provisional Record 9A, 103rd Session, Geneva, 2014, Art. 1(3).

12 ILO, Report of the Committee of Experts on the Application of Conventions and Recommendations, Report III (Part 1A), International Labour Conference, 90th Session, Geneva, 2002, p. 98.

13 Abolition of forced labour, isang Pangkalahatang Survey ng Committee of Experts sa Application of Conventions and Recommendations, ILC, 65th Session, Geneva, 1979, para. 21 [makaraan nito ay naging: Abolition of forced labour, General Survey of 1979]. Tingnan din ang Eradication of forced labour, General Survey of 2007, at para. 37.

Pang-aalipin at mga gawaing katulad ng pang-aalipin

Ang pang-aalipin ay itinuturing na sukdulang uri ng pagsasamantala sa tao. Ang paglaya mula sa pang-aalipin ay isa sa kakaunting pamantayan ng internasyonal na batas na hindi kailanman ‘masisira’ ng mga Estado, nangangahulugan na walang sitwasyon kung saan papayagan kailanman ng mga Estado ang pang-aalipin. Ang pang-aalipin ay unang binigyang-kahulugan sa 1926 Convention to Suppress the Slave Trade and Slavery (kilala bilang ‘Slavery Convention’) bilang “ang estado o kondisyon ng isang tao kung saan ginagamitan siya ng anuman o lahat ng kapangyarihang nakakabit sa karapatang pagmamay-ari”.¹⁴ Sa pinagmulan, ang pang-aalipin ay tungkol sa pagmamay-ari; ang ‘paggamit ng mga kapangyarihang nakakabit sa pagmamay-ari’ na nagsalarawan ng tradisyonal na pang-aalipin ay itinuturing pa ring sagisag ng mga kasalukuyang anyo ng pang-aalipin. Ang ilang palatandaan ng pang-aalipin na isinali sa Slavery Convention (Kapulungan tungkol sa Pang-aalipin) ay kabilang ang kapangyarihang alamin ang pangalan ng biktima, relihiyon, pagkakasal o kaparehang sekswal, pati ang kapalaran ng kanyang anak.¹⁵ Maaaring kabilang din sa pang-aalipin ang mga pag-aasal na nagpapasama sa kakayahang pisikal o pangkaisipan ng biktima na bigyang-lakas ang kanyang buhay.¹⁶

Tip: Pagkilala ng Pang-aalipin

Ang pang-aalipin ay tungkol sa relasyon ng nang-aalipin at ng kanyang biktima, kaysa sa mga kondisyon ng naturang sitwasyon. Dapat maunawaan ng mga awtoridad na ang isang taong nasa pang-aaliping sitwasyon ay maaaring namumuhay nang komportable, ngunit walang kapangyarihang gumawa ng mahahalagang personal na desisyon.

Ang mga gawaing katulad ng pang-aalipin ay ipinagbawal ng 1956 Supplementary Convention on the Abolition of Slavery, the Slave Trade, and Institutions and Practices Similar to Slavery (Supplementary Convention). ‘Ang mga institusyon at gawaing katulad ng pang-aalipin’ ay tumutukoy sa mapagsamantalang relasyon ng mga tao, na may mga katangian ng pagmamay-ari at pinapanatili hindi sa pamamagitan ng batas, kundi sa pamamagitan ng kaugalian, tradisyon, o mga gawaing panlipunan. Mas tiyak, inalam ng Supplementary Convention ang mga institusyon at gawaing katulad ng pang-aalipin:

- Debt bondage (Gapos-utang) (Artikulo 1(a)), ito ang “estado o kondisyon na resulta ng pangako ng isang may utang na magbigay ng kanyang personal sa serbisyo o ng sa isang tao na nasa ilalim ng kanyang pagkontrol bilang garantiya para sa utang, kung ang halaga ng mga serbisyong iyon sa makatwirang pagtasa ay hindi iuukol tungo sa kabayaran ng utang o ang tagal at uri ng mga serbisyong iyon ay hindi limitado at malinaw”. Sa madaling salita, ang debt bondage ay tumutukoy sa isang sitwasyon kung saan ang isang tao ay nagbibigay ng serbisyo upang bayaran ang isang utang na hindi kailanman lubos na mababayaran.

Tip: Pagkilala ng debt bondage

Ang debt bondage ay karaniwang karanasan ng maraming biktima ng trafficking. Ang sitwasyong debt bondage ay makikilala sa pamamagitan ng pagkakaroon ng utang na walang taning at hindi mababayaran ng anumang dami ng trabaho o serbisyo. Mas malawak na nauunawaan ng maraming hurisdiksiyon ang debt bondage bilang mga sitwasyon ng pagtatrabaho o serbisyo upang bayaran ang utang sa ilalim ng mga kondisyong mapagsamantala.

¹⁴ Convention to Suppress the Slave Trade and Slavery, 60 League of Nations Treaty Series 253, 25 September 1926, na nagkabisa noong 9 Marso 1927 (Slavery Convention).

¹⁵ Tingnan para sa halimbawa, Prosecutor v. Kunarac, Kovac and Vukovic, Case IT-96-23-T and IT-96-23/1-T, International Criminal Tribunal for the former Yugoslavia Appeals Chamber, 12 June 2002.

¹⁶ Tingnan para sa halimbawa, ang Bellagio-Harvard Guidelines on the Legal Parameters of Slavery, Research Network on the Legal Parameters of Slavery, 2012.

- Serfdom (pagtratong parang alipin) (Artikulo 1(b)), ito “ang kondisyon o katayuan ng isang tenant (ang nakatira) na sa ilalim ng batas, kaugalian o kasunduan ay nakatira at nagtatrabaho sa lupang pag-aari ng ibang tao, at magbibigay ng ilang tiyak na serbisyo sa nasabing tao, may gantimpala man o wala, at hindi malayang makapagbabago ng kanyang katayuan”.

- Anumang institusyon o gawain (Artikulo 1(c))
Kung saan:
“(i) Ang isang babae, na walang karapatang tumanggi, ay ipinangako o ibinigay sa kasal kapag may kabayaran salapi o ibang klaseng kabayaran sa kanyang mga magulang, tagapag-alaga, kapamilya o sinumang ibang tao o grupo; o
(ii) Ang asawa ng isang babae, kapamilya ng asawa, o ang angkan ng asawa, ay may karapatang ilipat siya sa ibang tao para sa tinanggap na halaga o iba pa; o
(iii) Ang isang babae, sa pagkamatay ng kanyang asawa, ay malamang na manahin ng ibang tao”.

Tip: Pagkilala ng sapilitang pagkakasal

Buhat nang pagtibayin ang Supplementary Convention on Slavery, na kumikilala lamang ng sapilitang pagkakasal ng mga babae, malawak na tinanggap na ang mga lalaki at batang lalaki ay maaari ding ipakasal nang sapilitan. Upang masugpo ang lahat ng anyo ng sapilitang pagkakasal, itinuturing na mabuting palakad ang pagtiyak na ang batas na nagbabawal sa sapilitang pagkakasal ay iukol nang pantay-pantay, maging anuman ang kasarian ng biktima.

- Pagbebenta ng mga bata para mapagsamantalahan (Artikulo 1(d)),¹⁷ kung saan ang mga magulang o tagapag-alaga ng isang bata ay magpapahintulot sa pangatlong partido na pagsamantalahan ang pagtatrabaho ng bata. Ang mga kamakailan lamang na instrumento ay nag-aalay ng mas malawak na kahulugan kaysa sa ibinigay sa Supplementary Convention. Idinagdag ng 1999 ILO Convention on the Worst Forms of Child Labour na ang sapilitan o puwersahang pangangalap ng mga bata para gamitin sa mga giyera, pornography, ay mga gawaing labag sa batas gaya ng produksiyon at pagtatrapik ng droga, at “mga gawaing, dahilan sa uri o sitwasyon sa paggawa nito, ay malamang na makasama sa kalusugan, kaligtasan o moralidad ng mga bata”.
Ang Artikulo 2(a) ng 2002 Optional Protocol to the Convention on the Rights of the Child on the Sale of Children, Child Prostitution and Child Pornography ay malawak na nagbibigay-kahulugan sa ‘pagbebenta ng mga bata’ bilang “anumang kilos o transaksyon kung saan ang isang bata ay isasalin ng isang tao o grupo ng tao sa ibang tao para sa kabayaran o anumang iba pang konsiderasyon”.¹⁸

Tip: Pagkilala ng pagbebenta ng mga bata para pagsamantalahan

Dahil ang pagbebenta ng mga bata o sanggol ay hindi kailangang may mangyaring pagsasamantala matapos ang bentahan, dapat pag-isipan ng mga Estado na palawakin ang konseptong ito at isali ang mga gawaing tulad ng pagbebenta para ipaampon at pag-aayusang pangkomersiyal na surrogacy.¹⁹

¹⁷ Ang mga konseptong ito, kilala din sa tawag na ‘mga pagkaalipin’, ay may mga kahulugan sa internasyonal na batas na maaaring makatulong sa pagkilala ng mga sitwasyong mapagsamantala.

¹⁸ Optional Protocol to the Child Convention on the Sale of Children, Child Prostitution and Child Pornography, 2171 United Nations Treaty Series 227, 25 May 2000, nagkabisa noong 18 January 2002, Art. 2 (a).

¹⁹ Tingnan ang Anne T. Gallagher, ‘Article 35’, in Phillip Alston and John Tobin, Commentary to the Convention on the Rights of the Child, Oxford University Press, darating, 2015. Tingnan din ang talakayan ng sapilitan/ labag sa batas na pag-ampon sa 2.3, sa ibaba.

Pagtatanggal ng mahahalagang bahagi ng katawan

Ang trafficking na ang layon ay magtanggap ng mahalagang bahagi ng katawan ay maaaring mangyari sa sitwasyong kalakalang komersiyal sa mahahalagang bahagi ng katawan para ilipat sa mga nagbabayad na donor, pati sa mga sitwasyong pangkultura at pangseremonya na mangangailangan ng pagtatanggal ng ibang bahagi ng katawan dagdag pa sa mahahalagang bahagi ng katawan. Sa ilang Estado, ang batas laban sa trafficking ay hindi lang tungkol sa pagtatanggal ng mahahalagang bahagi ng katawan, kundi pati ibang bahagi ng katawan (upang maibilang ang mga gawaing pangkultura at pangseremonya), pati mga selula at likido (upang maibilang ang mga sitwasyon ng komersiyal na surrogacy). Ang trafficking para sa pagtatanggal ng mahahalagang bahagi ng katawan ay naglalabas ng tanging paghamon sa pagkilala, dahil sa ang pagsasamantalang kilos ay nangyayari nang minsan lamang, kasalungat ng sa ibang uri ng pagsasamantala na maaaring magsangkot ng patuluy-tuloy na pagbibigay ng paggawa o serbisyo.²⁰

Iba pang uri ng pagsasamantala

Ang mga Estado ay dapat magkaroon man lamang ng pag-unawa na kabilang sa pagsasamantala ang mga uri ng pagsasamantala na malinaw na binanggit sa Artikulo 3(a) ng Trafficking in Persons Protocol. Kabilang sa ibang uri ng pagsasamantala na nakakaengkuwentro sa totoo ay ang pagsasamantala para sa sapilitang panlilimos at gawaing kriminal, gaya ng pagtanim ng droga o paghahatid sa pamamagitan ng pagganap bilang 'drug mules'. Sa kabila ng panganib na matuklasan at mausig para sa mga krimeng kaugnay ng droga, ang mga biktimgang naitrapik para magtanim o magdala ng droga sa katawan o sa loob ng kanilang katawan ay nalantad sa malaking panganib sa kanilang buhay at kaligtasan.²¹

Tip: Magkaroon ng mga tiyak na palatandaan para sa ibat ibang uri ng pagsasamantala

Dapat pag-isipan ng mga Estado ang pagbibigay sa mga awtoridad ng mga palatandaan ng trafficking na may tiyak at sapat na detalye upang pahintulutan ang mga unang tutugon na makilala ang ibat ibang uri ng pagsasamantala. Sa oras ng pagbibigay ng tulong at proteksiyon, ang karagdagang ebidensiya ng ibang elemento ng kahulugan ay maliliwanagan. Ang Seksyon 3.3 ay nag-aalay ng batayan sa paggawa ng mga tiyak at madetalyeng palatandaan.

²⁰ Para sa higit pang impormasyon tungkol sa trafficking na naglalayong magtanggap ng mahalagang bahagi ng katawan, tingnan para sa halimbawa, ang WHO Guiding Principles on Human Cell, Tissue and Organ Transplantation at ang Declaration of Istanbul, kapwa makukuha sa <http://www.who.int/transplantation/en/>.

²¹ Kapwa ang mga karagdagang pormang ito ay malinaw na kinilala sa European Union Trafficking Directive 2011/36/EU na ang 'sapilitang panlilimos' ay naunawaan bilang isang uri ng sapilitang paggawa o serbisyo na binigyang-kahulugan ng ILO Forced Labour Convention at ang pagsasamantala ng mga gawaing kriminal ay naunawaan na kabilang ang pandurukot, pagnanakaw sa tindahan, trafficking ng droga at iba pang katulad na gawaing may kaparusahan at nagpapahiwatig ng pinansiyal na pakinabang. Tingnan: Directive 2011/36/EU ng European Parliament at ng Council of the European Union, 5 April 2011, tungkol sa paghadlang at pagsugpo ng pagtatrapik ng mga tao at pangangalaga ng mga biktima, at pagpapalit ng Council Framework Decision 2002/629/JHA, OJ L 101/1, 15 Apr. 2011 (EU Trafficking Directive 2011/36/EU), Article 2(3).

Seksyon 2:

Mga obligasyon, malasakit, at paghahamon

2.1. Bakit mahalaga ang pagkilala

Kung walang pagkilala ng biktima, hindi makakaya ng mga Estado na maepektong matamo ang layunin sa paghadlang, pag-usig at proteksiyon na nakatakda sa Trafficking in Persons Protocol. Kaya, sa paglikha ng mga masaklaw na patakarang kontra-trafficking, mga programa at iba pang hakbang, dapat bigyan ng tanging pansin ang pagkilala ng biktima bilang isang mahalagang bahagi ng pagtupad sa mga obkligasyong nakatakda sa Protocol.

Ang proseso ng pagkilala ay hahantong sa pagkilala ng katayuan ng isang tao bilang biktima at dahil dito, ang maagap na pagbibigay ng tulong at serbisyong pamproteksiyon, tulad ng serbisyong medikal at iba pang pagkalusugang serbisyo, akomodasyon, pagkain at pangunahing pangangailangan, pagpapayo at pangangalagang pangkaisipan at panlipunan. Sa ilang Estado, ang pagpapatunay bilang isang biktima ng trafficking, nagiging marapat ang isang tao sa mga karagdagang benepisyo at serbisyo, gaya ng pagiging pansamantala o permanenteng residente. Ang kabiguan sa maagap at wastong pagkilala ng mga biktima ng trafficking ay malamang magresulta sa higit pang pang-aabuso sa kanila, pagsasamantala at pagkakait ng kanilang mga karapatan, kabilang ang kanilang karapatang matulungan at maprotektahan. Ang mas matagal na panahon sa pagkilala, mas masalimuot ang paggaling ng mga biktima at muling integrasyon. Dahil dito, ang pagkilala sa biktima ay isang mahalagang pasimula sa mga pamproteksiyong hakbang.²²

Higit pa sa pangangalaga ng mga biktima ng trafficking, ang mga Estado ay mayroon ding ilang malasakit sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking. Ang pagkilala ng biktima ay mahalagang paraan ng pag-alam sa mga krimen at ang network ng mga kriminal na nasa likod ng mga ito. Kapag ang mga biktima ay nakilala at tumanggap ng angkop na proteksiyon at suporta, maaari silang maging mahalagang saksi na makakasuporta sa proseso ng pangkrimeng hustisiya. Kapag hindi nakilala ang mga biktima, ang mga network ng kriminal ay makakapagpatuloy nang ligtas sa parusa, at ang mahahalagang ebidensiya ay mawawala. Ang mga organisadong krimeng transnasyonal gaya ng trafficking ng mga tao ay makakapagpahintulot sa ibang krimen, tulad ng money laundering at katiwalian, ay lalago at makakahadlang sa pag-unlad ng economiya at lipunan. Ang mga Estado ay may malasakit sa paghadlang at pagtalakay sa sapilitang paggawa, na maaaring magkaroon ng epekto ng kabawasan ng mga oportunidad sa trabaho at kita, at naaapektuhan ang mga kondisyon para sa ibang manggagawa sa bansa. Kaya, ang pagsugpo sa trafficking ng mga tao ay isang mahalagang paraan ng pagtiyak hindi lang para sa kaligtasan at seguridad ng bawat tao, ito rin ay para sa kalusugan ng mga komunidad.²³

Table 2: Mga obligasyon, malasakit at mga tip sa pagkilala ng biktima

Obligasyon	Malasakit	Tip
Paghadlang	Mahalaga ang pagkilala ng mga biktima ng trafficking upang mahadlangan at mapigilan ang trafficking ng mga tao.	Isali ang pagkilala ng biktima sa mga pambansangistratehiya, kabilang ang may layong pagsugpo ng trafficking at ibang uri ng krimen tulad ng paglulusot ng mandarayuhan at karahasan sa tahanan.
	Ang pag-alam ng mga punong-dahilan ng trafficking ng mga tao at mga indibiduwal o grupong marupok laban sa trafficking ay mahalaga para sa paghadlang na batay sa ebidensiya.	Gumawa ng mga palatandaan ng punong-dahilan at ng karupukan laban sa trafficking ng mga indibiduwal at partikular na grupo upang sumuporta sa paghadlang ng trafficking ng mga tao bago pa dumating sa bahagi ng pagsasamantala.

²² Tingnan ang Policy Guide on Protecting Victims of Trafficking, Bali Process, 2015.

²³ Tingnan ang Policy Guide on Protecting Victims of Trafficking, section 1.1, Bali Process, 2015.

	Ang nakolektang datos at impormasyon ng mga kaugnay na awtoridad ay tumatagapang ang mga ito mula sa nakilalang mga biktima, kabilang ang: mga pag-aanyo at katangian ng mga trafficker, paraan at sistema, ruta at kaugnayan ng mga indibiduwal at grupo, pati mga posibleng hakbang upang matuklasan sila.	Ang paggamit ng nakolektang datos at impormasyon sa pamamagitan ng proseso ng pagkilala bilang batayan sa pagkilala ng mga puwang sa mga tugon ng mga Estado sa trafficking ng mga tao, pagkilala ng mga kinakailangang kakayahan at pagsasanay ng mga tagaganap ng Estado, at paggawa ng mga mas mabuting patakaran, kabilang ang sa pagtatrabaho at pandarayuhan.
Imbestigasyon at Pag-uusig	Ang mga pagsisikap sa pag-imbestiga at pag-usig ng trafficking ng mga tao ay tumatagapang ang mga praktisyoner ay sinanay upang maepektong kumilala ng mga biktima at magkolekta ng kaugnay na ebidensiya. Ang mga imbestigador at taga-usig ay kumukuha ng impormasyon at ebidensiya mula sa mga nakilalang biktima ng trafficking tungkol sa trafficking ng mga tao, trafficker at mga posibleng kaugnay na krimen at kriminal.	Gumawa ng mga programa ng pagsasanay para sa pagkilala ng biktima para sa mga unang tagatugon, tulad ng mga imbestigador at tagapag-usig upang tiyaking sila ay may magkaparehong pag-unawa ng mga elemento ng krimen, pagtitipon ng ebidensiya at ang kakayahang matanggap ang mga ito, mga pamantayan sa pagkilala, at espesyal na pagsasaalang-alang gaya ng pakikipagtulungan sa mga labis na nagdusang mga biktima/saksi, mga biktima may iba ibat ibang kultura at wika, pati mga batang biktima. Gumawa ng isang sistema para sa proactive na pagkilala ng mga biktima, tinitiyak na gagamit ng ilang mga palatandaan upang mahuli kapwa ang mga sitwasyong trafficking na domestiko at transnasyonal, at ang iba ibang posibleng biktima (lalaki, babae at mga bata) para sa lahat ng uri ng pagsasamantala.
Tulong at Proteksiyon	Ang pagkilala ng mga biktima ng trafficking ay kailangan para sa maepektong paghahatid ng serbisyonang tulong at proteksiyon. Ang mga biktima ng trafficking na tumatanggap ng angkop na proteksiyon at tulong ay mas makakatulong sa proseso ng pangkrimeng hustisiya, na nagpapahintulot sa pag-usig ng mga trafficker at paghadlang sa higit pang trafficking.	Isangguni ang mga biktima sa mga may responsabilidad na ahensiya upang magbigay ng espesyalistang tulong at suporta, tinitiyak na ang mga inaakalang biktima ng trafficking ay walang haharapang hadlang sa pagkuha ng tulong at proteksiyon, kabilang ang paghihiwalay ng mga proseso sa pagkilala mula sa mga layon ng namamahala sa imigrasyon. Tiyaking ang mga pormal na proseso sa pagkilala ay iaabot sa lahat ng biktima ng trafficking, maging anuman ang kanilang edad, kasarian, oryentasyong sekswal, nasyonalidad, pinagmulang lahi o lipunan o kapinsalaan, alinsunod sa internasyonal na batas. Tiyaking ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay nag-aalay ng masaklaw na tulong, mula sa proteksiyon sa unang pagkontak, hanggang sa pagsuporta sa mga proseso ng pangkrimeng hustisiya, at sa pagbabalik sa sariling bayan at muling pag-iintegrasyon. Ipaalam sa mga biktima ang kanilang mga karapatan sa tulong at proteksiyon, at ng kanilang mga opsiyon sa mga proseso ng pangkrimeng hustisiya laban sa mga trafficker, at bigyan sila ng kapangyarihang gumawa ng may-kaalamang desisyon. Garantiyahin na ang pagkilala (at kalalabasang proteksiyon) ay hindi magdedepende sa pakikipagtulungan ng biktima sa mga awtoridad.
Pakikipagtulungan	Ang iba ibang kasangkot na ahensiya sa pagkilala ng biktima, kabilang ang ginawang pormal na pagsali ng mga espesyalistang NGO at ibang kaugnay na tagaganap, ay makakapagpatatag sa pagiging maepekto ng mga paraan sa pagkilala, at dahil dito, tatatag ang mga hakbang sa paghadlang, pag-usig at proteksiyon.	Tiyakin na ang sistema ng pagkilala ay isang makolaborasyong proseso na kasangkot ang iba ibang ahensiya at iba ibang disiplina na nakikipagtulungan sa mga awtoridad ng estado at mga hindi pang-estadong tagaganap, kabilang ang mga espesyalistang NGO. Tiyakin ang pagkakaroon ng regular na palitan ng impormasyon pati na mga bagong pamamaraan at pinakamagaling na pamamalakad sa pagkilala ng biktima.

2.2. Pag-unawa kung bakit nag-aatubiling magpakilala ang mga biktima ng trafficking

Bihirang magpakilala ang mismong mga biktima bilang biktima ng trafficking. Sa maraming kaso, ang mga biktima ng trafficking ay aasa sa kanilang trafficker (tagatrapik), at maaaring hindi nila alam o matanggap na sila ay mga biktima. Ang tingin ng iba sa kanilang trafficker ay mga tagapagpala na tumulong pabutihin ang kanilang sitwasyon. Maaaring kapamilya nila ang kanilang trafficker. Halimbawa, sa sitwasyon ng sapilitang pagkakasal na ang mga anak ay ibinenta para mapagsamantalahan, ang gumawa ng kamalian ay maaaring mga magulang ng biktima o ibang miyembro ng pamilya, kaya mag-aatubili ang biktima na lumapit sa mga awtoridad. Totoo rin ito para sa ibang uri ng trafficking at pagsasamantala kung saan may personal na relasyon ang mga biktima at trafficker. Kahit na walang umiiral na relasyon, ang mga biktima ay maaaring masangkot sa isang personal na relasyon sa mga trafficker na hindi nila alam na ang pakikipagrelasyon ay isang paraan ng pagkontrol sa kanila.

Ang mga karagdagang paghahamon ay nagmumula sa nahiwatigan at/o tunay na kakulangan ng pang-ganyak para magpakilala sa awtoridad ang mismong mga biktima. Ito ay lalo na kapag hindi maayos ang pagkapasok sa bansa ng mga biktima ng trafficking; sila ay natatakot na ma-deport dahil sa kanilang labag sa batas na katayuan. Ang ibang biktima ng trafficking, bagamat lubhang nagdurusa sa ilalim ng kontrol ng mga trafficker, ay mas nais manatili sa mapagsamantala at maabusong sitwasyon sa maraming kadalanan. Halimbawa, ang mga biktima ay may pakikipagrelasyong nagtatali sa kanila sa mga trafficker o ibang dahilan na nagpapanatili sa kanila sa sitwasyon, o sa palagay nila ay mas mabuti ang kondisyong kinalalagyan nila kaysa sa ibang mapagpipilian nila. Ang mga trafficker ay madalas nagsasamantala sa pagkatakot at alalahaning ito upang makontrol ang mga biktima.

Ang mga paghahamon sa pagkilala ay dapat unawain at pag-isipan kapag nagdidisenyo at nagsasagawa ng mga pamamaraan sa pagkilala. Dapat magbigay ng pagkakataon para mapahintulutan ang mga tao na maisangguni sa mga angkop na proseso sa alinmang bahagi ng proseso, kahit na sa simula, sa mga naunang bahagi, ay hindi sila kinilala bilang inaakalang biktima ng trafficking.

Mga banta ng detensyon at deportasyon

Kung ang mga biktima ay hindi mamamayan, madalas silang sabihan ng mga trafficker na huwag hihingi ng tulong mula sa awtoridad dahil sila ay maaaresto, made-deport o malalagay sa detensyon dahil sa pang-imigrasyong katayuan nila o labag sa batas na mga gawain na sanhi ng kanilang pagkatrapik na sitwasyon. Hindi ito ang madalas na kaso, at kahit na totoo, para sa ilang biktima, ang pagde-deport o pagbabalik sa komunidad ay hindi magpapabuti sa kanilang sitwasyon. Kung ang mga kondisyong nag-parupok ng tao laban sa trafficking ay hindi nabago, sila ay nasa panganib na mahulog na muli sa ganong sitwasyon. Ang mga nangangalap na naglagay sa kanila sa sitwasyong trafficking ay maaaring naroon pa rin, na lilikha ng pag-aalala tungkol sa seguridad nila at ng kanilang pamilya.

Tip: Himukin ang mga biktima na magpakilala sa pamamagitan ng pagtalakay sa kanilang mga alalahanin tungkol sa detensyon at deportasyon

Upang talakayin ang mga takot ng mga biktima tungkol sa detensyon, dapat magkaroon ng mga paraan upang matiyak na hindi gagawing kriminal ag mga biktima dahil sa mga pagkakasalang nagawa bilang resulta ng pagkatatrapik, kabilang ang anumang pagkakasalang pang-imigrasyon. Upang talakayin ang takot ng mga biktima tungkol sa deportasyon, dapat magkaroon ng paraan ukol sa visa upang pahintulutan ang mga biktima ng trafficking na manatili sa destinasyong bansa upang makatanggap ng tulong at proteksiyon.

Takot sa mga pagbabanta at paghihiganti mula sa mga trafficker

Ang ilang biktima ay takot sa pagbabanta at paghihiganti mula sa mga trafficker kapag nagpakilala silang biktima ng trafficking. Madalas binabantaan ng mga trafficker na sasaktan ang mga biktima at/o ang kanilang mga kapamilya. Ang takot tungkol sa hindi pagiging sapat ng pambatas na sistemang domestiko na protektahan ang mga biktima at kapamilya mula sa paghihiganti ay nakakapigil sa mga biktima na magpakilala. Maaaring lumala ang takot na ito kung ang mga kapamilya ng mga biktima ay nasa ibang hurisdiksiyon, at mangangailangan ng mga tagaganap sa pangkrimeng hustisya sa ibang bansa upang tiyakin ang kanilang proteksiyon.

Tip: Himuking magpakilala ang mga biktima sa pamamagitan ng pagprotekta sa kanila at mga pamilya

Dapat pag-isipan ng mga Estado na magkaroon ng mga hakbang upang tiyakin ang maepektong proteksiyon ng mga biktima, saksi at kanilang kapamilya. Kung ang mga taong nangangailangan ng proteksiyon ay nasa ibang Estado, dapat humiling ng pakikipagtulungan sa mga tagaganap ng pangkrimeng hustisya sa mga Estadong iyon, o kung naaangkop, dapat magkaroon ng mga paraan ukol sa visa at imigrasyon upang makapag-alay ng proteksiyon sa mga taong may panganib na mapinsala.

Nadaramang kahihyan at takot sa pagkakaroon ng batik sa pangalan

Kung ang pagkilala, pagiging kompidensiyal at pribado ng mga biktima at ng kanilang pamilya ay hindi mapoprotektahan ng mga programang tulong at proteksiyon sa biktima, ang mga biktima ay maaaring matakot na ang pagkilala ay hahantong sa panghihiya, pagkakaroon ng batik sa pangalan at hindi pagsali sa lipunan. Maaaring may takot ang mga biktima na kung aaminin nila na sila ay nabiktima, ang kanilang mga pamilya at komunidad ay maaaring magpalagay na sila ay nabigo (lalo na ang mga biktimang napagsamantalahan sa kanilang pandarayuhan), pagkaraan ay mahahadlangan ang kanilang kakayahang magtustos ng mga pangangailangan ng kanilang mga pamilya. Ang mga lalaking biktima ng trafficking ay alam na lalong nag-aatubiling umamin na sila ay naging biktima ng isang krimen o sila ay nalinlang.

Tip: Himuking magpakilala ang mga biktima sa pamamagitan ng pagprotekta sa kanila mula sa pagkakaroon ng batik sa kanilang pangalan

Dapat tiyakin ng mga Estado na ang mga programang pantulong at pamproteksiyon ay tatalakay sa mga takot ng mga biktima tungkol sa kahihyan at pagkakaroon ng batik sa pangalan sa pamamagitan ng pagtatanggol ng pagiging kompidensiyal ng impormasyon ng mga biktima, at sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga NGO, komunidad at mismong mga biktima na maunawaan at matalakay ang mga alalahanin sa paggawa ng mga patakarang pamproteksiyon.

Seksyon 3:

Ang proseso ng pagkilala sa biktima

3.1. Sino ang makakakilala sa mga biktima ng trafficking?

Ang pagkilala ng mga biktima ng trafficking ay bihirang maging isang pangwakas, nasa-panahong pangyayari, kundi ito ay isang proseso na maaaring magsangkot ng mga sumusunod na bahagi:

1. Pangunang pag-iskrin na nagpapahiwatig na ang tao ay baka isang biktima ng trafficking. Magagawa ito ng sinuman na may kontak sa inakalang biktima, at hahantong sa pagsangguni sa mga angkop na awtoridad.

2. Pag-aakala ng mga angkop na awtoridad na may sapat na palatandaan na nagpapahiwatig na ang tao ay maaaring isang biktima ng trafficking, at kaya dapat bigyan ng pangunang tulong at proteksiyon.

3. Pagpapatunay ng mga angkop na awtoridad na ang tao ay isang biktima ng trafficking. Maaari itong humantong sa pagiging marapat ng tao sa mas malawak na mga serbisyong tulong at proteksiyon. Maaari din itong kasabay ng imbestigasyon at pag-uusig ng mga sinasabing trafficker.

4. Ang pagkumpirmi na ang tao ay isang biktima ng krimeng trafficking ng mga tao, bilang resulta ng paghatol sa isang trafficker. Ang bahaging ito ay uukol lamang sa ilang hurisdiksiyon, at ang katotohanang ang krimeng 'trafficking ng mga tao' ay hindi matagumpay na mauusig ay hindi nangangahulugang ang isang tao ay hindi nabiktima.

Ang pagkilala ng mga biktima ng trafficking ay nangyayari bilang resulta ng mga reaktibong imbestigasyong kasunod ng direktong pagrereport ng isang biktima, ng kanyang pamilya at iba pa. Ang pagkilala ay maaari ding mangyari nang proactive, bilang resulta ng pag-iimbestiga ng mga police at ibang tagaganap- tulad ng mga opisyal ng hangganan at pangtrabahuhan – at mayroon silang kakayahang kumilala ng mga biktima ng trafficking sa pagsasagawa ng kanilang trabaho. Ang pinalaking pagsisikap upang proactive na makilala ang mga biktima ng trafficking ay mas kanais-nais kaysa sa pagdepende lamang sa reaktibong pagkilala.

Sinuman sa komunidad, kabilang ang mga kamag-anak, kaibigan at ka-edad, ay makakaganap ng papel sa pagkilala ng biktima, lalo na sa panahon ng pangunang pag-iskrin. Ang mga hindi pampamahalaang tagaganap kabilang ang mga panlipunang organisasyon, medikal na propesyonal, unyon ng mga manggagawa at mga ahensiyang nangangalap ay mahahalagang kuhanan ng impormasyon at makakaganap ng mahalagang pael sa pagkilala at pagsangguni ng mga inaakalang biktima sa mga angkop na awtoridad.

Gayunman, ang mga Estado ang may pangunahing responsabilidad para sa pagkilala. Ang mga awtoridad kabilang ang mga nagpapasunod ng batas (pulis, taga-usig, opisyal ng hustisya, opisyal ng imigrasyon at adwana, at mga inspektor ng manggagawa),

Tip: Itaas ang kamalayan ng publiko tungkol sa trafficking ng mga tao upang mapabuti ang pagkilala ng biktima

Dapat simulan at suportahan ng mga Estado ang mga kampanya sa pagtataas ng kamalayan ng publiko tungkol sa trafficking ng mga tao. Napakagaling kung ang mga naturang kampanya ay magpapaliwanag sa mga tao ng a) kung ano ang trafficking ng mga tao at ano ang maaaring maging anyo nito, at b) mga tiyak na aksiyon na magagawa ng mga indibiduwal, lalo na ang ukol sa pagbibigay ng mga detalye para sa pagsangguni sa mga angkop na awtoridad, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga hotline.

24 Ang 1967 Vienna Convention on Consular Relations ay naglalarawan ng mga katungkulan, karapatan at responsabilidad ng mga konsular na opisyal kapag nagsasagawa ng kanilang mga tungkulin sa mga Estadong nagpapakada at tumatanggap, ang ilan nito ay kaugnay sa pagtulong sa mga biktima ng trafficking. Ang Handbook for Diplomatic and Consular Personnel sa How to Assist and Protect Victims of Human Trafficking ay isang makakatulong na toolkit para sa mga kawani ng konsulado dahil ito ay nagsasaad ng mga tiyak na palatandaan dapat nilang alamin kapag nagpoproseso ng mga aplikasyon sa visa. Tingnan: The Handbook for Diplomatic and Consular Personnel on how to Assist and Protect Victims of Human Trafficking, Council of Baltic Sea States Secretariat, 2011.

mga manggawang panlipunan, lokal na administrador, at mga embahada at opisyal ng konsulado, ay makakaganap din ng papel sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking.²⁴ Sa maraming Estado, ang opisyal na proseso ng pag-aakala, pagpapatunay at pagkumpirmi na isinasagawa ng mga kaugnay na awtoridad ay ginagamit upang alamin ang katayuan ng isang tao bilang isang biktima ng trafficking, at magbigay sa kanya ng nararapat na antas ng tulong at proteksiyon. Sa ilang Estado, ang responsabilidad para sa mga prosesong ito ay nakatoka sa mga opisyal na nagpapasunod ng batas, at sa iba, sa mga ahensiya ng Estado na may responsabilidad sa kapakanang panlipunan. Sa ibang Estado, ang mga opisyal na proseso sa pagkilala ng biktima ay ipinakatawan sa mga espesyalistang tagaganap na hindi pampamahalaan. Ang mga tauhan ng konsulado ay makakaganap din ng papel sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking.

Tip: Patatagin ang kakayahan ng ibat ibang stakeholder na masangkot sa pag-kilala

Gumawa ng malilinaw na patakaran at pamamaraang pang-operasyon upang linawin ang mga tungkulin at responsabilidad ng isang malawak na grupo ng mga awtoridad ng Estado at iba pang kaugnay na tagaganap sa maepektong proseso ng pagkilala sa biktima.

Kahit anuman ang paraang ginagamit sa pagkilala ng isang Estado, mahalaga ang angkop na pagsasanay para sa kaugnay na mga stakeholder upang mabilis at maepektong makilala ang mga biktima ng trafficking.²⁵ Ang mga istandard na patakaran at pamamaraan ay dapat igalang at protektahan ang karangalan at mga karapatang pantao ng mga inaakalang biktima ng trafficking.²⁶

Tip: Sanayin sa pagkilala ang mga taong maaaring magkaroon ng kontak sa mga biktima ng trafficking


Mahalagang iuna ang pagsasanay ng mga unang tumutugong opisyal sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking. Dapat ding isaalang-alang ang pagbibigay ng pagsasanay sa mga guro, mamamahayag, medikal na propesyonal, tagaganap sa pribadong sektor at iba pa sa komunidad na maaaring makakontak sa mga biktima ng trafficking, upang bigyan sila ng kamalayan sa mga palatandaang maaaring magpahiwatig na ang tao ay isang biktima.

²⁵ (E/2002/68/Add.1), United Nations High Commissioner for Human Rights, Guideline 2: Identification of trafficked persons and traffickers, Guideline 2(3).

²⁶ Tingnan din ang Policy Guide on Protecting Victims of Trafficking, Bali Process, 2015, seksyon 3 sa "Coordination and the multi-stakeholder approach"

3.2. Mga batayang proseso

Bawat hakbang ng proseso sa pagkilala ay nag-aalay ng pagkakataong ma-iskrin ang mga tao sa pamamagitan ng pagmamasid at interaksyon, mula sa oras ng unang pagkontak hanggang sa pagsasagawa ng mga interbyu. Sa bawat hakbang ng isang batayang proseso sa pagkilala, ang mga praktisyoner ay dapat magsaalang-alang sa kinakailangang tulong at proteksiyon ng mga biktima.²⁷ Dapat ding pag-isipan ng mga Estado ang pagsasali ng mga proseso sa pagkilala sa mas malawak na proseso ng pagprotekta upang pahintulutan ang paggawa ng mga angkop na pagsangguni kapag may malalamang mga partikular na pamproteksiyong pangangailangan (halimbawa, kung ang mga biktima ng trafficking ay mga bata o mga humihingi ng asylum).



A. Oras ng unang pagkontak

Sa oras ng unang pagkontak, ang pangunahing layunin ay pag-isipan kung ang tao ay baka biktima ng trafficking at nangangailangan ng panimulang tulong at proteksiyon.

Ang panimulang pag-iskrin ay nangyayari kapag ang inakalang biktima ay unang nakaharap bilang resulta ng pagmamasid (mga pakikipag-usap sa tao, ang kanyang mga kilos, hitsura o sitwasyon), impormasyong nakuha mula sa pagsangguni sa pangatlong partido, o sa pamamagitan ng sariling pagpapakilala. Gayunman, ang mga biktima ng trafficking ay maaaring hindi magpakilala ng sarili sa mga dahilang tinalakay sa Seksyon 2.2.

Ang panimulang pag-iskrin sa oras ng unang pagkontak ay maaaring gawing mabagal ng mga paghamong pangkomunikasyon dahil sa mga hadlang na wika at kultura, pati mga isyung kaugnay ng kasarian. Ang ganihong mga hadlang ay maaaring matugunan nang bahagya sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga taong nakakontak sa mga inaakalang biktima ay may mga kasanayan o karanasan sa wika at kultura (o madaling makakuha ng taong mayroon ng mga ito) upang ma-iskrin nila ang mga tao sa oras ng unang pagkontak.

Kapag ang pagpapatunay ay hindi magagawa nang kumpleto, ang pag-aakalang ang isang tao ay biktima ng trafficking ay dapat itukoy upang siya ay makalapit sa mga serbisyong pantulong at pamproteksiyon. Kapag nakaengkuwentro ng mga biktima ng trafficking, sila ay maaaring nasa napipintong panganib o nangangailangan ng madaliang paggamot na medikal o iba pang tulong. Ang pagtiyak ng kanilang kaligtasan ang mahalagang priyoridad sa oras ng unang pagkontak.²⁸ Ang mga inaakalang biktima ay dapat isangguni sa mga tagapagbigay ng espesyalistang serbisyo para sa pangangalagang sosyal, medikal at sikolohikal, at ligtas na akomodasyon upang matiyak na sila ay ligtas mula sa higit pang pinsala. Mahalaga rin na pangalagaan ang pagiging pribado ng mga tao, at na sila ay nagbigay ng kanilang may-kaalamang pagsang-ayon na tumanggap ng mga serbisyong tulong at proteksiyon.²⁹

²⁷ Dagdag pa sa impormasyong nasa iaba, higit pang impormasyon tungkol sa proteksiyon ng biktima ay ibinigay sa Policy Guide on Protecting Victims of Trafficking.

²⁸ Tingnan ang The IOM Handbook on Direct Assistance for Victims of Trafficking, IOM, 2005.

²⁹ Tingnan ang Policy Guide on Protecting Victims of Trafficking, Bali Process, 2015.

Tungkol naman sa pagkilala ng mga batang biktima ng trafficking, makakatulong na magsagawa ng mga proseso para sa mabilis na pagkilala at ang kagyat na pagbibigay-alam sa mga tagapagbigay ng espesyalistang serbisyo para sa bata. Dahil ang mga bata ay baka hindi mukhang bata at/o maaaring magsinungaling tungkol sa kanilang edad, ang pinakamabuting pamamalakad ay ang pagtrato sa taong baka isang bata bilang isang bata, alinsunod sa Convention on the Rights of the Child. Gayun din, kung ang bata ay maaaring isang biktima ng trafficking, siya ay dapat akalaing isang biktima hanggang sa makagawa ng iba pang pagpapasiya.³⁰

Tip: Patatagin ang pagkilala ng mga batang biktima ng trafficking

Magsagawa ng mga proseso para sa mabilis na pagkilala ng maaaring mga batang biktima ng trafficking at kagyat na pagbibigay-alam sa tagapagbigay ng espesyalistang serbisyo para sa bata, sa pamamagitan ng mga paraan sa pagkilala na gagawa ng kapwa:

- Ang pag-aakalang menor de edad; at
- Ang pag-aakala ng katayuan bilang biktima.

B. Panimulang interbyu

Maaaring mapatunayan ng mga awtoridad na ang tao ay isang inaakalang biktima ng trafficking sa panimulang interbyu. Isang pangunahing layon ng mga panimulang interbyu ay upang tasahin ang mga panganib at alamin ang mga pangangailangang tiyak na tulong at proteksiyon. Sa panimulang interbyu, dapat ipagbigay-alam sa tao ang layunin, proseso, at kahihinatnan ng interbyu. Ang tao ay dapat bigyan ng malinaw na impormasyon sa isang wika na nauunawaan niya, at kung kailangan, ay gagamitan ng tagasalin sa wika.

Ang mga taong mag-iinterbyu ay dapat may mabuting kasanayan upang makalikha ng pagtitiwala at magandang pakikipagtunguhan sa inaakalang biktima, at makalikha ng kapaligiran kung saan siya ay magiging sapat na komportable upang makipag-usap. Ang pinakamagaling ay ang mga taga-interbyu ay sinanay na maunawaan ang pagdurusa at kung paano iiwasang magdusang muli ang mga tao sa pag-iinterbyu sa kanila. Ang mga tagaganap sa lipunan ay maaaring maging mahalaga sa pakikipagtulungan sa mga biktima ng trafficking at awtoridad upang makalikha ng pagtitiwala at magandang pakikipagtunguhan sa kanila. Ang ilang Estado ay gumagamit ng isang questionnaire (talatanungan) upang akayin ang panimulang interbyu.³¹

Ang mga taga-interbyu ay kailangan ding may angkop na kasanayan upang harapin ang mga paghamong sanhi ng ibat ibang wika at kultura, at makagamit ng mga pamamaraan ng pag-interbyu na angkop sa mga personal na katangian ng iniinterbyu.

- Mga konsiderasyon ukol sa wika: Ang mga taga-interbyu ay tutulungan ng makukuhang mga listahan ng tagasalin sa wika na makakatulong sa maikling panahong pasabi, nagbibigay ng konsiderasyon sa epekto ng mga magkakaibang wika, lahi o kultura sa paglikha ng pagtitiwala at magandang pakikipagtunguhan. Ang mga tagasalin sa wika ay dapat walang kinikilingan, may mabuting kaalaman tungkol sa kanilang katungkulan, pagiging kompidensiyal at iba pang isyu, at sinanay nang angkop. Ang katungkulan ng tagasalin sa wika sa proseso ng pag-iinterbyu ay dapat ding ipaliwanag sa inaakalang biktima.
- Mga konsiderasyon ukol sa kasarian at edad: mas kanais-nais na ang mga tao ay interbyuhin ng, o sa harap ng, mga taong may kaparehong kasarian. Ang mga bata (o ang baka mga bata) ay dapat hirangan ng tagapag-alaga kung naaangkop (halimbawa, kung wala silang kasama), at iinterbyuhin lamang ng mga taong sinanay na makipagtrabaho sa mga bata.

³⁰ Legislative Guide, Trafficking, paragraph 65; UNICEF Guidelines on the Protection of Child Victims of Trafficking, and Commentary to the OHCHR Principles and Guidelines on Human Rights and Human Trafficking, OHCHR, 2010, pp.162-164.

³¹ Halimbawa, Regional Guidelines for the Preliminary Identification and Referral Mechanisms for Migrant Populations in Vulnerable Situations (ipinirinta ng Costa Rica na inihandang kasama ang El Salvador, Guatemala, Honduras at Nicaragua, na may suporta ng IOM at UNHCR, inilahad sa Regional Consultation Group on Migration (RCGM) of the Regional Conference on Migration (RCM) in June 2012), on p.11.

- Mga konsiderasyon sa kultura: maaaring maging kanais-nais o hindi na ang taga-interbyu ay magmumula sa kaparehong komunidad o kultura gaya ng iinterbyuhin. Bagamat siya ay maaaring maging komportable sa isang taong mula sa kaparehong kultura, sa mga kasong ang komunidad ay kasangkot o nagpahinuhod sa pagsasamantala, ang mga biktima ay maaaring malagay sa malubhang panganib kung ang mag-iinterbyu sa kanya ay isang taong mula sa kanyang komunidad.

Ang pag-alam kung ano ang angkop para sa isang partikular na interbyu ay mangangailangan ng konsultasyon sa iinterbyuhin tungkol sa kanyang mas nais at ang pagsunod hanggat maaari at angkop.

Tip: Suportahan ang paggamit ng pamamaraan sa pag-interbyu na nagsa saalang-alang sa biktima

Tiyaking ang mga taong taga-interbyu ay may mga angkop na kasanayan upang harapin ang mga konsiderasyon sa wika, kasarian, edad at kultura. Hanggat maaari, konsultahin ang bawat iinterbyuhin tungkol sa mga mas nais nila at sundin ang mga nais na iyon hanggat naaangkop.

Sa paggawa ng panimulang interbyu, may ilang mahahalagang konsiderasyon na pag-iisipan, maging anuman ang katayuan o mga katangian ng tao. Halimbawa, makakatulong sa proseso ng pagkilala na ibilang ang mga proseso sa pagtanggap at pag-isipan ang mga paghiling ng asylum mula sa mga biktima ng trafficking na maaaring nangangailangan ng asylum.³² Ang mga awtoridad ng asylum (o UNHCR sa ilang bansa na walang pambansang sistema ng asylum) ay dapat magsagawa ng pasiya ukol sa katayuang refugee para sa mga taong nagbigay ng palatandaan sa panahon ng proseso ng pagkilala ng biktima na sila ay maaaring nasa panganib ng persekusyon o malubhang pinsala sa kanilang pinagmulang bansa. Gayundin, ang mga awtoridad na kontra-trafficking ay dapat mag-iskrin ng mga humihiling ng asylum at mga refugee na nagpapakita ng palatandaan na sila ay maaaring mga biktima ng trafficking. Ang mga angkop na paraan sa pagsasangguni ay dapat likhain upang pahintulutan ang pagsangguni ng mga indibiduwal na nagnanais humiling ng internasyonal na proteksiyon sa mga awtoridad ng asylum bilang isang refugee, at sa pagsangguni ng mga humihiling ang asylum at mga refugee na maaaring mga biktima ng trafficking sa angkop na awtoridad laban sa trafficking. Sa kapwa sitwasyon, dapat tiyakin ng mga awtoridad na anumang pakikipag-ugnayan sa mga awtoridad ng bansang pinagmulan ay hindi maglalagay sa panganib sa mga taong maaaring humihiling ng asylum o refugee.

Tip: Tiyaking ang mga proseso sa pagkilala ay magpapahintulot sa angkop na pagsangguni ng mga humihiling ng asylum

Ang mga Estado ay hindi dapat kumontak sa mga kinatawag diplomatiko ng pinagmulang bansa para sa pagkilala kung ang tao ay nag-aplay ng asylum, o kung may dahilan upang paniwalaan na ang tao ay isang refugee.

C. Mga pormal na interbyu

Ang mga pormal na interbyu ay nagbibigay ng pagkakataong pabutihin ang tulong at proteksiyong ibinibigay, batay sa malalamang mga tiyak na pangangailangan. Pinakamabuting pamamalakad para sa mga awtoridad na bigyan ang biktima ng ‘panahon para makapagmuni-muni’ upang tulungan silang sapat na bumuti mula sa mahirap na pagsubok na nangyari sa kanila sa pagbibigay ng ebidensiya sa pormal na interbyu.³³ Depende sa kondisyon at mga pangangailangan ng biktima o inaakalang biktima ng trafficking, gagawin ang interbyu bago simulan o pagkatapos ng panahon ng pagmumuni-muni, kung saan mas makakaya ng biktima na makatulong matapos tumanggap ng panimulang tulong at proteksiyon.

³² Tingnan ang Article 14 ng Trafficking in Persons Protocol. Tingnan din ang Recommended Principles and Guidelines on Human Rights and Human Trafficking (E/2002/68/Add.1),

United Nations High Commissioner for Human Rights, Guideline 2(7).

³³ Para sa higit pang impormasyon tungkol sa panahon ng pagmumuni-muni, tingnan ang Policy Guide on Protecting Victims of Trafficking, Bali Process, 2015.

Sa sandaling maibigay ang mga tulong at proteksiyon, ang mga susunod na interbyu ay magsisilbing may layong pang-imbestiga at pang-usig. Ang impormasyon ay malilikom para sa pagkumpirmi kung ang tao ay biktima o hindi ng trafficking. Ang mga tao ay dapat sumang-ayong mainterbyu, sa anumang ginagawang video o audio recording ng interbyu, at dapat maunawaan ang layunin at mga implikasyon ng interbyu.³⁴ Ang mga interbyu at anumang sipi o recording ay dapat panatilihin kompidensiyal upang mapangalagaan ang ininterbyu at ang kanyang pagiging pribado. Ang mga taga-interbyu ay dapat ding sanayin sa pag-unawa kung bakit maaaring maiba ang mga istorya ng mga biktima, at dapat mahirati sa pakikipagtrabaho sa mga tao na may ibat ibang edad, na nagsasalita ng ibat ibang wika, na nanggaling mula sa ibat ibang kultura, at maaaring dumanas ng matinding pagdurusa.³⁵

Ang bahaging ito ng proseso ay maaaring magresulta sa isang pahayag ng biktima. Ang ibang ebidensiya ay dapat ding kolektahin sa panahong ito upang malaman ang mga kaugnay na katotohanan o impormasyon na magpapatotoo sa mga pahayag ng biktima. Ang pamproteksiyong plano para sa indibiduwal ay maaaring kailanganing baguhin batay sa impormasyong matatanggap sa interbyu. Ang mga pagsangguni sa mga tagapagbigay ng espesyalistang serbisyo ay maaaring kailanganin.

Tulad ng tinalakay sa Seksyon 2.2 sa itaas, ang mga biktima ay baka mag-atubiling magtiwala sa mga awtoridad. Ang pag-iinterbyu ng mga biktima ay maaaring makapaghamon, at nangangailangan ng sensitibidad at pasensiya upang maiwasan ang pagdudulot ng karagdagang pandamdaming pahirap at pagkabalisa sa mga biktima. Ang mga taga-interbyu ay dapat magpokus sa paglikha ng tiwala at kompiyansa. Hanggat maaari, dapat iwasan ng taga-interbyu na magpaulit sa mga biktima ng mga karanasang magbigay-dusa, magpapahiya at/o magpapawalang-kapangyarihan sa kanila, o mawalan sila ng tiwala sa sarili na gumawa ng mga may-kaalamang desisyon. Ang paggawa ng mga ito ay magdudulot ng dagdag na pinsala sa mga biktima, hahadlang sa pagkolekta ng ebidensiya, at pipigil sa mga biktima na magpatuloy sa pakikipagtulugan sa proseso ng pangkrimeng hustisya.

3.3. Mga palatandaan ng trafficking

Sa maraming Estado, may mga istandard na grupo ng ‘mga palatandaan’ na ginagamit sa pagkilala ng mga maaaring sitwasyon ng trafficking. Ang ganoong mga palatandaan ay makakatulong sa pagsasanay at pagkakaroon ng kapasidad ng mga partikular na stakeholder (halimbawa, mga medikal na propesyonal pati pulis, mga opisyal ng imigrasyon at adwana), at maaaring maugnay sa mga partikular na bahagi ng potensyal na sitwasyong trafficking (halimbawa, sapilitang paggawa). Sa totoo, dahil ang karamihan ng mga biktima ng trafficking ay makikilala sa sandaling sila ay pinagsasamantalahan, ang mga palatandaang kaugnay ng bahaging pagsasamantala ay itinuturing na mas mapagkakatiwalaan.

Tip: Pag-isipang timbangin ang mga palatandaan

Dapat pag-isipan ng mga Estado ang pagtimbang sa mga palatandaan upang tulungan ang mga may responsabilidad para sa pagkilala ng mga biktima na magprioridad ng ilang uri ng impormasyon. Ang paraang ginagamit ng ILO at ng European Commission ay ang pagsasabi na ang bawat palatandaan ay malakas, katamtaman, o mahina, sa kondisyong ang isang palatandaan ay maaaring malakas para sa mga bata habang ito ay katamtaman para sa mga nasa edad na, o malakas para sa pagsasamantalang sekswal at mahina para sa pagsasamantala sa trabaho.

Gayunman ang likas na limitasyon ng mga palatandaan ay dapat isaalang-alang. Dahil sa ibat ibang paraan at ibat ibang sitwasyon kung paano sila napagsasamantalahan, ang ilang palatandaan ay laging mas nagpapahiwatig ng trafficking kaysa sa iba. Sa ibang salita, ang isang maaaring mapuwersang palatandaan sa isang kaso ng trafficking ay maaaring lubos na wala o hindi kaugnay sa iba. Halimbawa, ang isang taong nagtatrabaho ng sobra-sobrang oras araw-araw para sa limitadong kita sa ilalim ng armadong guwardiya ay isang malakas na palatandaan ng trafficking kaysa sa isang

³⁴ Generally children cannot provide legal consent. Procedures for obtaining consent from parents or guardians should be ascertained before proceeding with any interviews of children.

³⁵ See Anti-Human Trafficking Manual for Criminal Justice Practitioners, Module 8: Interviewing victims of trafficking who are potential witnesses, UNODC, 2009.

bata na itinawid sa hangganan nang walang pasaporte. Ang ilang palatandaan ay maaari ding magpahiwatig ng ibang uri ng krimen o sitwasyon, at ang pagkakaroon o kawalan ng anumang palatandaan ay hindi lubos sa pag-alam kung mayroon o walang nagaganap na trafficking ng mga tao.³⁶ Dagdag pang limitasyon ay ang mga trafficker ay umaakma sa mga palatandaan at kumikilos sang-ayon dito, halimbawa, sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga biktima ng kanilang dokumentong panlakbay at pagkakakilanlan, upang hindi magsuspetsa ang mga awtoridad. Dahil sa ganitong mga limitasyon, ang paggamit ng isang kombinasyon ng ibat ibang ‘uri’ ng palatandaan ay magbibigay ng higit na kaalaman kaysa sa pagitiwala sa isang uri. Higit pa, ang mga palatandaan ay hindi magagamit upang bigyang-matwid ang pag-aakalang pabor sa biktima para sa layuning pagtulong at proteksiyon.

Ang mga sumusunod na hindi kumpletong listahan ng mga halimbawa ng palatandaan ay iniaalay laban sa ibat ibang uri ng pagsasamantala na nakalista sa Trafficking in Persons Protocol, at dapat tingnan ayon sa mga limitasyon sa itaas. Dahil ang listahan ng mga uri ng pagsasamantala ay hindi kumpleto, ang mga palatandaan ng ibang uri ng pagsasamantala na nakakaengkuwentro sa totoo ay nakatakda rin sa ibaba. Ang ‘tao’ na tinutukoy sa mga palatandaan sa ibaba ay ang inaakalang biktima ng trafficking, hindi ang potensyal na trafficker.

Tip: Mag-akma ng mga palatandaan sa sitwasyon

Ang mga listahan ng palatandaan ay napakamaepekto kapag sila ay iniaakma sa mga partikular na sitwasyong nakakaengkuwentro ng mga awtoridad sa pagsasagawa ng kanilang trabaho. Ang mga Estado ay dapat regular na magsapanahon ng mga listahan ng palatandaan upang matiyak ang patuloy na pagkaugnay sa mga nagbabagong takbo ng trafficking.

Mga pangunahing karaniwang palatandaan ng pagsasamantala

Ang mga palatandaan sa ibaba ay maaaring itukoy sa anumang uri ng pagsasamantala. Ang ilan sa mga palatandaan ay magpapakita ng mga senyal ng pagsasamantala, at ang iba ay magpapahiwatig ng senyal ng pagkontrol na ginagamit ng trafficker sa hinihinalaang biktima:

- Ang tao ay pinipilit/pinupuwera na pumasok o manatili sa sitwasyon
- Ang tao ay nilinlang tungkol sa klase/lokasyon ng sitwasyon
- Ang mga araw o oras ng trabaho ng tao ay sobra-sobra
- Ang ondisyon ng tirahan o trabaho ay hindi makatao at/o nakakapagpababa ng sarili
- Ang tao ay kinokontrol ng iba/lubhang umaasa sa iba
- Ang tao ay dumaranas ng pagbabanta o karahasan
- Ang tao ay nasa isang sitwasyong hindi angkop para sa kanyang edad

Mga pangunahing palatandaan ng mga tiyak na uri ng pagsasamantala

Ang mga sumusunod na palatandaan ay kaugnay ng mga tiyak na uri ng pagsasamantala na nakalista sa Trafficking in Persons Protocol. Dahil ang listahan ng mga uri ng pagsasamantala ay hindi kumpleto, ang mga palatandaan ng ilang ibang uri ng pagsasamantala na madalas na nakikita sa totoo ay nakalista rin sa

36 Tingnan ang Anti-human trafficking manual for criminal justice practitioners, UNODC/UN.GIFT, 2009, Module 2. Tingnan din ang National Referral Mechanisms: A Practical Handbook, OSCE, 2004, p.61.

Pagsasamantala sa pagpoprostitusyon ng iba at iba pang uri ng pagsasamantalang sekswal

Tulad ng nakatakda sa Table 1 (Seksyon 1.1), hindi lahat ng taong nagtatrabaho sa sex industry ay biktima ng trafficking. Ang mga palatandaan sa ibaba ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga taong inaakalang mga biktima ng trafficking:

- Ang tao ay hindi makakatanggong magserbisyo ng mga kliyente, gumawa ng mga partikular na aktong sekswal o makipagtalik nang hindi ligtas
- Ang tao ay hindi tumatanggap ng salapi nang diretso mula sa mga kliyente/tumatanggap lamang ng maliit na bahagi ng ibinayad ng kliyente sa mga pinaglilingkuran o tagapamagitan
- Ang tao ay pinilit/pinuwersang gumamit o hindi gumamit ng mga partikular na uri ng kontrasepsiyon
- Ang tao ay pinilit/pinuwersang tumanggap ng pagsusuring medikal/pagdadalang-tao
- Ang tao ay menor de edad

Trafficking para sa layong pagtatanggal ng mahalagang bahagi ng katawan

Ang mga sumusunod na palatandaan ay tumutukoy unang-una sa mga sitwasyon kung saan ang mga mahahalagang bahagi ng katawan na tatanggalin o tinanggal para i-transplant sa isang medikal na sitwasyon. Ang mga ito ay hindi gaanong nauugnay sa pagtatanggal ng mahahalagang bahagi ng katawan para sa layong pangkultura o pang-seremonya:

- Ang tao ay pinilit/pinuwersang sumang-ayon sa pagtatanggal ng mahalagang bahagi ng katawan
- Ang tao ay nililang tungkol sa mga prosesong kasangkot o ang sa kompensasyong tatanggapin para sa pagtanggap ng mahalagang bahagi ng katawan
- Hindi alam ng tao kung saan o kailan gagawin ang proseso ng pagta-transplant
- Hindi naunawaan ng tao ang proseso ng pagta-transplant at mga kaugnay na panganib
- Tila may tagakuhang pangatlong partido
- May mga palatandaan na ang tatanggap ay nagbabalak maglakbay sa ibang bansa kasama ang tao

Trafficking para sa layong pangdomestikong pagkaalipin

- Ang tao ay tumatanggap ng walang kuwenta/hindi mabuting pagkain at nagpapakita ng mahinang kondisyon dahil sa di-wastong pagkain
- Ang tao ay nagtatrabaho nang sobra-sobrang oras
- Ang tao ay walang pribadong espasyo, o hindi sapat na pribadong espasyo
- Ang tao ay nakakulong o di pinapayagang makipagsosyalan at/o hindi kailanman lumalabas ng bahay nang di kasama ang pinaglilingkuran
- Ang tao ay dumaranas ng mga insulto, abuso, pagbabanta, karahasan at/o pag-atake
- Ang tao ay nagbabayad ng kabayaranang-pangangalap
- Ang tao ay menor de edad

Trafficking para sa layong sapilitan, pang-alipin o maagang pagpapakasal

- Nagbayad ng salapi o iba pang 'regalo'sa pangatlong partido upang mangyari ang pagkakasal
- Ang kontrata ng kasal ay pinagkasunduan ng ibang tao at hindi ng mga ikinasal na partido at/o nang wala ang kanilang pagsangkot o pagsang-ayon
- Ang tao ay pinilit sa sitwasyong nagtatrabaho, pangdomestikong pagkaalipin o pagsasamantalang sekswal
- Ang tao ay tumanggap/tatanggap ng pagsusuri sa pagiging birhen
- Ang mga kamag-anak ng tao ay pinilit sa pagkakasal
- Ang tao ay nagpapakita ng mga palatandaan ng matinding kalungkutan, pananakit sa sarili, paglayo sa sosyalan o pag-abuso ng mga substance (sangkap)
- May mga palatandaan ng di-pagkakasundo ng pamilya, karahasan o pag-aabuso
- Ang tao ay menor de edad

Trafficking para sa layong pagsasamantala ng panlilimos at mga gawaing kriminal

- Ang tao ay pinaparusahan kapag hindi siya sapat na nakakolekta o nakapagnakaw
- Ang tao ay nakatira kasama ng iba na gumagawa rin ng kaparehong gawain
- Hindi nauunawaan ng tao ang layunin ng mga gawain o ang pagiging labag sa batas na klase ng mga iyon
- Ang tao ay menor de edad, matanda o may kapinsalaan

Ang mga palatandaan sa itaas ay kaugnay ng mga partikular na uri ng pagsasamantala na maaaring nauugnay dagdag pa sa mga nakalagay sa ibaba, na maaaring itukoy sa lahat ng uri ng pagsasamantala.

Mga Paghahamon sa Pagkilala ng mga Biktima ng Trafficking na Pinagsasamantalahan sa mga Gawaing Kriminal

Ang mga taong pinagsasamantalahan sa mga gawaing kriminal ay maaaring kilalanin nang mali bilang mga kriminal kaysa mga biktima ng trafficking. Upang mabawasan ang panganib na ito, ang mga awtoridad ay dapat na hustong sinanay sa paggamit ng 'mga pamamaraan' ng mga trafficker sa pagkontrol ng isang tao at ilagay siya sa isang pagsasamantalang sitwasyon, at ang kawalan ng ugnayan ng pagsang-ayon ng biktima sa pagsasamantala.

Paggamit ng 'mga pamamaraan' ng pinaghihinalaang trafficker

Ang 'mga pamamaraan' na nakatakda sa Trafficking in Persons Protocol ay mga palatandaan ng trafficking. Bagamat ang paggamit ng 'mga pamamaraan' ay hindi elementong kailangan sa pagkakasalang trafficking sa ilalim ng Protocol kung ang mga biktima ay mga bata, gayunman, ang paggamit nito ay nagpapahiwatig ng trafficking o kaugnay na pagsasamantala. Ang 'mga pamamaraan' ay maaring gamitin sa alinmang bahagi ng proseso ng trafficking mula sa pangangalap, paghahatid, paglilipat, pagtatago o pagtanggap ng isang tao, hanggang sa pagkontrol sa kanya sa bahaging pagsasamantala, at maaaring gamitin upang paranasin ang biktima ng anumang uri ng pagsasamantala. Bagamat ang paggamit ng ilang 'mga pamamaraan' ay medyo madaling makilala (halimbawa, gamit ng puwersa), kung minsan ang 'mga pamamaraan' ay di-halata at mahirap makilala (halimbawa, pag-abuso ng kapangyarihan o posisyon ng karupukan).

Ang sumusunod na di-kumpletong listahan ay nagbibigay ng mga potensyal na palatandaan ng trafficking upang tumulong sa paglikha ng elementong ito ng salang trafficking:

Pagbabanta

- Ang tao (o ang kanyang pamilya, kaibigan o komunidad) ay binabantaan
- Ang tao (o ang kanyang pamilya, mga kaibigan o komunidad) ay binabantaan ng puwersa
- Ang tao ay binabantaan ng pagsama ng mga kondisyon sa tirahan o sa trabaho
- Ang tao ay binabantaan na dadalhin sa mga awtoridad
- Ang tao ay binabantaan ng puwersa

Paggamit ng puwersa

- Ang tao ay nagpapakita ng mga palatandaan ng pinsalang pisikal
- Ang tao ay nagpapakita ng mga palatandaan ng pinsalang pangkaisipan at sikolohikal
- Ang tao ay nagpapakita ng mga palatandaan ng pag-atakeng-sekswal at/o pagkagahasa

Pamimilit

- Ang tao ay may mga problema sa pamilya at pananalapi
- Ang tao ay may kasaysayan ng krimen o kaya ay kilala ng mga awtoridad
- Ang tao ay may hindi legal na katayuang pandarayuhan at/o hindi nakadokumento
- Ang mga dokumento, pera o iba pang pag-aari ng tao ay nakumpiska
- Ang tao ay pumasok sa isang di-makatarungang kasunduan sa utang
- Ang tao ay nag-iisa, nakakulong, at/o minamatyagan o pinamamahalaan
- Ang mga paniniwalang pangkultura o pangrelihiyon ng tao ay naimpluwensiyahan

Pagkidnap

Pandaraya/ Panlilinlang (ang hindi totoo, hindi tama, hindi kumpleto o impormasyong nagliligaw) na nauugnay sa:

- Proseso o mga pag-asam (kabilang ang destinasyon) ng pandarayuhan ng tao
- Mga kondisyon ng paglalakbay at pagkapangalap ng tao
- Mga kondisyon sa pagtatrabaho ng tao, kabilang ang: uri, kabayaran, suweldo, kikitain
- Pagkakaroon ng tao ng pagkakataong makapag-aral
- Mga kondisyon ng pabahay at lokasyon o paninirahan ng tao
- Legalidad ng mga dokumento, pandarayang katayuan, trabaho o kontrata ng tao
- Mga batas, pagpapalagay o pag-aasal ng mga awtoridad tungkol sa tao
- Mga pag-asam ng tao sa muling pagsasama-sama ng pamilya, pag-aasawa o pag-ampon

Pag-abuso ng kapangyarihan o ng posisyon ng karupukan³⁷ sa pamamagitan ng pang-aabuso ng:

- Pinansiyal, sikolohikal o emosyonal na pag-asa ng tao sa, o relasyon sa nagsasamantala/pinaglilingkuran/kapamilya
- Relasyong romantiko o emosyonal ng tao sa nagsasamantala/pinaglilingkuran/lapamilya/iba pa
- Dokumentasyon ukol sa pandarayuhan at/o katayuan ng tao
- Paghihiwalay ng tao sa lipunan, kultura o wika
- Kawalan ng trabaho o kahirapang pang-ekonomiko ng tao
- Kapinsalaan sa isip o katawan ng tao
- Edad ng tao (bata o matanda), kasarian, oryentasyong sekswal, nasyonalidad, pinagmulang lahi o lipunan, at kapinsalaan
- Mga paniniwala, seremonya o mga gawing pangkultura o pangrelihiyon ng tao
- Adiksyon o pagdedepende ng tao sa droga o alak

Pagbibigay o pagtanggap ng kabayaran o benepisyo upang makuha ang pagsang-ayon ng tao na magkaroon ng pagkontrol sa isang tao:

- Ang tao ay nalagay sa isang sitwasyon dahil may nangyaring kabayaran, dote (dowry) o pagreregalo sa mga pangatlong partido.

³⁷ Tingnan Abuse of a Position of Vulnerability at iba pang "means" na napapaloob sa kahulugan ng trafficking ng mga tao, UNODC, 2012 at Guidance Note sa 'pag-abuso ng katayuang marupok' bilang isang paraan ng trafficking ng mga tao sa Article 3 ng Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons, Especially Women and Children, supplementing the United Nations Convention against Transnational Organized Crime, UNODC, 2012.

Ang paraan kung paano ang isang inaakalang biktima ay naglakbay patungo sa, pumasok sa, o nanatili sa isang Estado ng ibang bansa

Sa mga sitwasyong pinaghihinalaan na ang isang tao ay biktima ng transnasyonal na trafficking, ang paraan kung paano siya naglakbay patungo, pumasok sa, o nanatili sa isang Estado ng ibang bansa ay maaaring mag-alay ng kaalaman tungkol sa kanyang sitwasyon bilang isang inaakalang biktima ng trafficking:

- Ang mga dokumentong panlakbay o pagkakakilanlan ng isang tao ay hawak/ipinakita ng pangatlong partido
- Ang ahensiyang nangalap at/o ang ahensiya sa paglalakbay ay hindi nakarehistro at/o hindi kontrolado at/o pinagbabayad nang malaki ang manggagawa
- Ang entry visa ay hindi nababagay at/o ang layon ng paglalakbay ay hindi tumutugma sa ibang impormasyon (halimbawa, may hindi sapat na salapi para sa tagal ng paghinto, kondisyong pisikal ng manlalakbay, o ang idineklarang propesyon)
- Ang багаhe ng tao ay hindi tumutugma sa pahayag ng mga manlalakbay (halimbawa, kalidad at uri ng багаhe, maliit na bag para sa balak na matagal na paghinto, o malaking bag para sa balak na maikling paghinto)
- Ang tao ay naglalakbay na kasama ng isang grupo ng tao na tila hindi niya kilala
- Ang tao ay may palsipikadong pagkakakilanlan, trabaho at/o mga dokumento sa paglalakbay at/o hindi kapani-paniwala ang impormasyong ibinigay ng mga manlalakbay
- Ang tao ay lito tungkol sa kanyang ruta ng paglalakbay, destinasyon o layunin ng paglalakbay
- Ang isang tao na nasa sitwasyong labag sa batas na pandarayuhan/ katayuan (kabilang ang dahil sa pagkakumpiska ng mga papeles ng pagkakakilanlan o pagkatanggal sa trabaho)

Kondisyong pisikal ng inaakalang biktima

Maraming biktima ng trafficking ang dumaranas ng matinding pinsala sa isip at katawan sa pagkakatrapik. Ang pisikal na kondisyon ng isang tao kapag nakaengkuwentro ay maaaring makapag-alay ng kaalaman kung siya ay maaaring biktima ng trafficking. Gayunman, mahalagang punahin na maraming biktima ng trafficking ang hindi magpapakilala ng sarili mismo bilang mga biktima at maaaring tila kuntento sa kanilang sitwasyon.³⁸ Ang paggigiit ng tao ng kanyang kasiyahan sa sitwasyon ay maaaring maging dahilan mismo ng pagpapatunay kung gaano kaepekto ang pagkakaimpluwensa ng trafficker sa kanya.

Katayuang sikolohikal at mga palatandaan ng pag-aasal:

- Ang tao ay tila balisa, sobrang malungkot, mapahinuhod, takot, may pagkabahala, ninenerbiyos, paranoid
- Ayaw tumingin nang direktso ng tao
- Ang tao ay atubiling makipag-usap o talakayin ang tungkol sa mga pinsala

Mga palatandaang pisikal ng masamang pagtrato at/o pagpapabaya:

- Ang tao ay nagpapakita ng mga palatandaan ng karahasang pisikal
- Ang tao ay nagpapakita ng mga palatandaan ng adiksyon/pagdedepende/paggamit sa droga o alak
- Ang tao ay nagpapakita ng mga palatandaan ng mahinang katawan dahil sa pagkain nang di-wasto, o iba pang kondisyong pisikal dahil sa pagbabawi ng pagkain, tubig, tulog, pangangalagang medikal o iba pang pangangailangan sa buhay
- Ang tao ay nagpapakita ng mga palatandaan ng kakulangan ng kalinisan dahil sa kawalan ng mga pasilidad sa paghuhugas at/o sanitasyon

³⁸ See section 2.2.

Mga kondisyon ng lugar kung saan natagpuang nakatira at/o nagtatrabaho ang inaakalang biktima

Ang mga palatandaan tungkol sa mga kondisyon ng tirahan at/o pagtatrabaho ay nauugnay sa pagsasamantala ng mga biktima ng trafficking. Ang mga inaakalang biktima ay maaaring matagpuan sa ibat ibang industriya at sitwasyon, kabilang ang sex industry pati mga trabahong pang-domestiko, pangangalaga ng bata, mga serbisyong pangkalusugan, pangangalaga ng mga matatanda, isports, aliwan, mabuting pakikitungo, konstruksiyon, panggugubat, pangingisda, minahan, agrikultura, at textile na industriya. Ang mga palatandaan sa ibaba ay maitutukoy sa lahat ng sitwasyon kung saan ang inaakalang biktima ng trafficking ay maaaring matagpuan na nakatira at/o nagtatrabaho.

Suweldo at kontrata:

- Ang tao ay pinagbabawalang magkaroon at/o maglipat ng kinita at inipon
- Ang tao ay tumatanggap ng maliit o walang kita para sa kanyang trabaho o ang suweldo ay nahuhuli nang dating
- Ang tao ay hindi nababayaran nang husto kumpara sa ipinangakong sahod o mga pambansang minimum na sahod
- Napakalaking pagbabawas ang ginagawa mula sa suweldo ng tao, kabilang ang bayad-utang sa pinaglilingkuran/ahenteng nangangalap
- Ipinagkakait sa tao ang mga benepisyo at panlipunang proteksiyon na legal na marapat nilang tanggapin
- Ang tao ay hindi pumirma sa isang kontrata o ang mga kondisyon ng kontrata ay hindi iginagalang
- Pinapirma ng bagong kontrata ang tao matapos dumating sa Estado at/o magsimula ng trabaho
- Hindi makapagpakita ang pinaglilingkuran ng ebidensiya ng kabayaran ng mga sahod sa manggagawa
- Ang tao ay tinanggal sa trabaho nang walang dahilan, paunang-sabi at/o mga benepisyo

Kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho:

- Ang tao ay hindi binigyan ng angkop na pamproteksiyon at pangkaligtasang kasuotan at kagamitan, o hindi tinuruan ng paggamit sa kasuotan at kagamitan
- Ipinagkakait sa tao ang pagkuha ng pangangalagang medikal
- Ang tao ay nagtatrabaho ng labis-labis na mahabang/di-karaniwang mga oras
- Ang tao ay may kakaunti o walang malayang panahon
- Ang tao ay dumaranas ng parusa/multa sa hindi pag-abot sa mga quota (kota)

Paghihigpit sa pagkilos at mga wala sa istandard na mga pasilidad:

- Ang tao ay nagpapakita ng mga palatandaan ng pagpipigil na pisikal o pagkakulong sa lugar ng trabaho o iba pang lokasyon (halimbawa, mga bintanang may bara/harang, pintong nakakandado sa labas, alambreng may tinik, mga pangseguridad na kamera)
- Ang tao ay natutulog kung saan siya nagtatrabaho
- Ipinagkakait sa tao ang mga paraan ng pakikipagkomunikasyon
- Wala sa tao ang kanyang mga dokumentong panlakbay/pagkakakilanlan, at/o kinumpiska ang mga dokumento ng kanilang mga pinaglilingkuran o ng iba³⁹

³⁹ Para sa higit pang impormasyon at mga mapagkukunan ng mga palatandaan, pakitingnan ang Matrix of Resources.

Seksyon 4:

Buod ng mga tip para sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking

- ✓ **Magpasok ng pag-aakalang pabor sa pagtrato ng mga inaakalang biktima ng trafficking bilang mga biktima:** Ang mga patakaran ng Estado para sa pagkilala ng biktima ay dapat magpahintulot sa mga awtoridad na naghihinalang ang isang tao ay biktima ng trafficking na kimilos ayon sa pag-aakalang iyon sa pamamagitan ng pagtrato sa tao bilang isang biktima para sa layong makapagbigay ng panimulang tulong at proteksiyon.
- ✓ **Palakihin ang kamalayan tungkol sa mga krimeng kaugnay ng trafficking ng mga tao:** Ang mga taong itinuturing na hindi biktima ng trafficking ay maaaring mga biktima ng ibang krimen at nangangailangan ng tulong at proteksiyon. Ang mga praktisyoner na may responsabilidad sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking ay dapat may kamalayan sa mga uri ng nauugnay na krimen upang sila ay makatugon nang angkop.
- ✓ **Pagkilala ng mga inaakalang biktima ng trafficking sa mga grupong may karupukan:** Bago pa humantong sa bahaging pagsasamantala, ang mga biktima ng trafficking ay mahirap kilalanin. Dapat tiyakin ng mga Estado na kabilang sa kanilang mga patakaran ang mga panghadlang na susuporta sa mga awtoridad na kumilala sa mga inaakalang biktima sa mga taong marupok laban sa trafficking, kabilang ang mga pinalusot na mandarayuhan.
- ✓ **Pagkilala ng pang-aalipin:** Ang pang-aalipin ay tungkol sa relasyon ng nang-aalipin at ng kanyang biktima, kaysa sa mga kondisyon ng naturang sitwasyon. Dapat maunawaan ng mga awtoridad na ang isang taong nasa pang-aaliping sitwasyon ay maaaring namumuhay nang komportable, ngunit walang kapangyarihang gumawa ng mahahalagang personal na desisyon.
- ✓ **Pagkilala ng debt bondage (gapos-utang):** Ang debt bondage ay karaniwang karanasan ng maraming biktima g trafficking. Ang sitwasyong debt bondage ay maaaring makilala sa pamamagitan ng pagkakaroon ng utang na walang taning at hindi mababayaran ng anumang dami ng trabaho o serbisyo. Mas malawak na nauunawaan ng maraming hurisdiksiyon ang debt bondage bilang mga sitwasyon ng pagtatrabaho o serbisyo upang bayaran ang utang sa ilalim ng mga kondisyong mapagsamantala.
- ✓ **Pagkilala ng sapilitang pagkakasal:** Buhat nang pagtibayin ang Supplementary Convention on slavery, na kumikilala lamang ng sapilitang pagkakasal ng mga babae, malawak na tinanggap na sa totoo, ang mga lalaki at batang lalaki ay maaari ding ipakasal nang sapilitan. Upang masugpo ang lahat ng anyo ng sapilitang pagkakasal, makakatulong kung gagayahin ang mga palakad ng mga Estado na tumitiyak na ang batas na nagbabawal sa sapilitang pagkakasal ay iukol nang pantay-pantay, maging anuman ang kasarian ng mga kinauukulang partido.
- ✓ **Pagkilala ng pagbebenta ng mga bata para pagsamantalahan:** Dahil ang pagbebenta ng mga bata o sanggol ay kailangang may mangyaring pagsasamantala matapos ang bentahan, dapat pag-isipan ng mga Estado na palawakin ang konseptong ito upang isali ang mga gawaing tulad ng pagbebenta para ipaampon at pag-aayusang komersiyal na surrogacy.

- ✓ **Magkaroon ng tiyak na mga palatandaan para sa ibat ibang uri ng pagsasamantala:** Dapat pag-isipan ng mga Estado na bigyan ang mga unang tagatugon ng pagsasanay tungkol sa mga palatandaan ng trafficking na sapat na madetalye at tiyak upang pahintulutan ang mga awtoridad na makilala ang ibat ibang uri ng pagsasamantala. Sa pagbibigay nga tulong at proteksiyon, karagdagang ebidensiya ng ibang elemento ng kahulugan ay maaaring maging malinaw. Ang Seksyon 3.3 ay nag-aalay ng batayan para sa paggawa ng tiyak at madetalyeng mga palatandaan.
- ✓ **Himukin ang mag biktima na magpakilala sa pamamagitan ng pagtalakay sa kanilang mga alalahanin tungkol sa detensyon at deportasyon:** Upang talakayin ang mga takot ng mga biktima tungkol sa detensyon, dapat magkaroon ng mga paraan upang matiyak na hindi gagawing kriminal ang mga biktima dahil sa pagkakasalang nagawa bilang resulta ng pagkatrapik, kabilang ang mga pagkakasalang pang-imigrasyon. Upang talakayin ang takot ng mga biktima tungkol sa deportasyon, dapat magkaroon ng paraan ukol sa visa upang pahintulutan ang mga biktima ng trafficking na manatili sa destinasyong bansa upang makatanggap ng suporta at tulong.
- ✓ **Himuking magpakilala ang mga biktima sa pamamagitan ng pagprotekta sa kanila at kanilang pamilya:** Dapat pag-isipan g mga Estado na magkaroon ng mga hakbang upang tiyakin ang maepektong proteksiyon ng mga biktima, saksi at kapamilya. Kung ang mga taong nangangailangan ng proteksiyon ay nasa ibang Estado, dapat humiling ng pakikipagtulungan sa mga praktisyoner ng pangkrimeng hustisya sa mga Estadong iyon, o kung naaangkop, dapat magkaroon ng mga paraan ukol sa visa at imigrasyon upang makapag-alay ng proteksiyon sa mga taong may panganib na mapinsala.
- ✓ **Himuking magpakilala ang mga biktima sa pamamagitan ng pagprotekta sa kanila mula sa pagkakaroon ng batik sa kanilang pangalan:** Dapat tiyakin ng mga Estado na ang mga programang pantulong at pamproteksiyon ay tatalakay sa mga takot ng mga biktima tungkol sa kahihiyan at pagkakaroon ng batik sa pangalan sa pamamagitan ng pagtatanggol ng pagiging kompidensiyal ng impormasyon ng mga biktima, at makipagtulungan sa mga NGO, komunidad at mismong mga biktima na maunawaan at matalakay ang mga alalahanin sa paggawa ng mga patakarang pamproteksiyon.
- ✓ **Itaas ang kamalayan ng publiko tungkol sa trafficking ng mga tao upang mapabuti ang pagkilala ng biktima:** Dapat simulan at suportahan ng mga Estado ang mga kampanya sa pagtataas ng kamalayan ng publiko tungkol sa trafficking ng mga tao na maaari nilang makaengkuwentro. Napakagaling kung ang mga nasabing kampanya ay magpapaliwanag sa mga tao ng a) kung ano ang trafficking ng mga tao at ano ang maaaring anyo nito, at b) mga tiyak na aksiyon na magagawa ng mga indibiduwal, at ang pagbibigay ng mga detalye para sa pagsangguni sa mga angkop na awtoridad, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga hotline.
- ✓ **Patatagin ang kakayahan ng ibat ibang stakeholder na masangkot sa pagkilala:** Gumawa ng malililaw na patakaran at pamamaraang pang-operasyon upang linawin ang mga tungkulin at responsabilidad ng isang malawak na grupo ng mga awtoridad ng Estado at iba pang kaugnay na tagaganap sa maepektong proseso ng pagkilala.
- ✓ **Sanayin sa pagkilala ang mga taong maaaring magkaroon ng kontak sa mga biktima ng trafficking:** Mahalagang iuna ang pagsasanay ng mga unang tumutugong opisyal sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking. Dapat ding isaalang-alang ang pagbibigay ng pagsasanay sa mga guro, mamamahayag, medikal na propesyonal, tagaganap sa pribadong sektor at ng iba pa sa komunidad na maaaring makakontak sa mga biktima ng trafficking, upang mabigyan sila ng palatandaan upang gumanap ng papel sa pagkilala ng biktima.

- ✓ **Patatagin ang pagkilala ng mga batang biktima ng trafficking:** Magsagawa ng mga proseso para sa mabilis na pagkilala ng mga inaakalang batang biktima ng trafficking at kagyat na pagbibigay-alam sa tagapagbigay ng espesyalistang serbisyo para sa bata, sa pamamagitan ng mga paraan ng pagkilala na gagawa ng kapwa:
 - Ang pag-aakalang menor de edad, at
 - Ang pag-aakala ng katayuan bilang biktima.
- ✓ **Suportahan ang paggamit ng pamamaraan sa pag-interbyu na nagsasaalang-alang sa biktima:** Tiyaking ang mga taong taga-interbyu ay may mga angkop na kasanayan upang harapin ang mga konsiderasyon sa wika, kasarian, edad at kultura. Hanggat maaari, konsultahin ang bawat iinterbyuhin tungkol sa mga mas nais nila, at sundin ang mga nais na iyon hanggat naaangkop.
- ✓ **Tiyaking ang mga proseso sa pagkilala ay magpapahintulot sa angkop na pagsangguni ng mga humihiling ng asylum:** Ang mga Estado ay hindi dapat kumontak sa mga kinatawang diplomatiko ng pinagmulang bansa para sa pagkilala kung ang tao ay nag-aplay ng asylum, o kung may dahilan upang paniwalaan na ang tao ay isang refugee.
- ✓ **Pag-isipang timbangin ang mga palatandaan:** Dapat pag-isipan ng mga Estado ang pagtimbang sa mga palatandaan upang tulungan ang mga may responsabilidad para sa pagkilala ng mga biktima na magpripriyidad ng ilang uri ng impormasyon. Ang paraang ginagamit ng ILO at ng European Commission ay ang pagsasabi na ang bawat palatandaan ay malakas, katamtaman, o mahina, sa kondisyong ang isang palatandaan ay maaaring malakas para sa mga bata habang it ay katamtaman para sa mga nasa edad na, o malakas para sa pagsasamantalang sekswal at mahina para sa pagsasamantala sa trabaho.
- ✓ **Mag-akma ng mga palatandaan sa sitwasyon:** Ang mga listahan ng palatandaan ay napakamaepekto kapag sila ay iniakma sa mga partikular na sitwasyong nakakaengkuwentro sa pagsasagawa ng kanilang trabaho. Ang mga Estado ay dapat regular na magsapanahon ng mga listahan upang matiyak ang patuloy na pagkaugnay sa mga nagbabagong takbo ng trafficking.

Ang Bali Process



Kontakin ang

Regional Support Office - The Bali Process
27th Floor Rajanakarn Building
3 South Sathorn Road, Sathorn Bangkok 10120, THAILAND
Tel. +66 2 343 9477 Fax. +66 2 676 7337
info@rso.baliprocess.net



Ang Bali Process

ukol sa Pagpapalusot ng mga Tao, Trafficking ng mga Tao
at Kaugnay na Krimeng Transnasyonal